

BANTAY, GAANO PA KATAGAL ANG GABI?



[Binabasa ni Kapatid na Gene Goad ang Isaias 21:1-2.]

[Ang hula tungkol sa ilang na nasa baybayin ng dagat. Kung paanong umiikot ang mga ipoipo sa timugan; gayon dumarating ang hangin na mula sa ilang, mula sa kakilakilabot na lupain.]

[Isang malubhang pangitain ay naipahayag sa akin; ang manggagawa ng karayaan ay gumagawang may karayaan, at ang mananamsam ay nananamsam. Umahon ka, Oh Elam: kumubkob ka, Oh Media; lahat ng buntong-hininga niya'y aking pinatigil.]

[Kaya't ang aking mga balakang ay puspos ng kahirapan: mga hirap ay dinamdandam ko, gaya ng mga hirap ng babae sa pagdaramdam: ako'y naghihirap na anopa't hindi ako makarinig; ako'y nanglulupaypay na anopa't hindi ako makakita.]

[Ang aking puso ay sumisikdo, kakilabutan ay tumakot sa akin: ang pagtatakip-silim na aking ninasa ay naging kapanginigan sa akin.]

[Sila'y nangaghanda ng dulang, sila'y nangaglagay ng bantay, sila'y nagsisikain, sila'y nagsisinom: magsitindig kayo, kayong mga pangulo, inyong ihanda ang kalasag.]

[Sapagka't ganito ang sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay yumaon, maglagay ka ng bantay, ipahayag niya kung ano ang nakikita niya.]

[At pagka siya'y nakakita ng pulutong ng mga nangangabayong dalawa't dalawa, ng mga asno, ng pulutong ng mga kamelyo; siya'y masikap na makikinig na ma'y pagiingat:]

[At siya'y umungal, Na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw, at ako'y tumatanod sa aking bantayan na magdamagan:]

[At, narito, dito'y dumarating ang isang pulutong na lalake, mga nangangabayong dalawa't dalawa. At siya'y sumagot at nagsabi, Babilonia ay nabagsak, nabagsak; at lahat na larawang inanyuan na kaniyang mga dios ay nangabagsak sa lupa.]

[*Oh ikaw na aking giniik, at trigo ng aking giikan: ang aking narinig sa PANGINOON ng mga hukbo, sa Dios ng Israel, aking ipinahayag sa iyo.*]

[*Ang hula tungkol sa Duma. May tumatawag sa akin mula sa Seir, Bantay, gaano pa katagal ang gabi? Bantay, gaano pa katagal ang gabi?*]

[*Sinabi ng bantay, Ang umaga ay dumarating, at gayon din ang gabi: kung inyong uusisain, usisain ninyo: magsipihit kayo, parito kayo.*]

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

² Salamat, Kapatid na Neville. Masaya akong makita kang muli.

³ Magandang umaga, sa ating klase sa pag-aaral ng Biblia ngayong umaga, gaya ng gusto nating batiin kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus. At habang nagmamaneho ako sa daan kani-kanina lang, kasama ang aking pamilya, iniisip ko 'yung mga pumupunta sa simbahan kapag ganitong mga araw na madulas sa labas, kapag nababalutan ng niyebe ang bansa, tapos mapanganib sa daan. Hindi sila pumupunta para lang makita. Mayroon silang kung anong layunin sa pagpunta. At napakasaya kong makita ang grupong ito rito ngayong umaga, na, nanatili, "ang Pananampalataya ng ating mga magulang, ay buhay pa rin," nag-aalab sa puso ng mga kalalakihan at kababaihan sa lahat ng dako.

⁴ Kababasa pa lang ng ating Kapatid na Gene Goad ang Salita, sa ika-21 kabanata ng Aklat ni Isaias, kung saan hahango tayo ng pag-aaralan, pansumandali, at pagkatapos mananalangin tayo para sa mga maysakit. At ngayon para sa isang teksto, ngayong umaga, gusto kong kumuha mula roon, sa ika-11 hanggang ika-12 talata: *Bantay, Gaano Pa Katagal Ang Gabi?*

⁵ At bago tayo mangusap, iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali sa panalangin.

⁶ Panginoong Diyos, Ikaw ang Diyos ng aming mga ninuno. Ikaw ang Diyos Na huminga ng unang hininga ng buhay na dumating sa lupa, at may kapamahalaan sa bawat buhay hanggang sa kasalukuyang panahon, at magkakaroon ng pamamahala magpakailanman. Sapagkat Ikaw ang Lumikha ng lahat ng sangkatauhan, at lahat ng mga bagay na humihinga. Ikaw ang Lumikha.

⁷ At masaya kami, ngayong umaga, na makapanampalataya sa aming mga puso na ang Iyong mga pangako'y totoo, bawat isa roon. At haya't sa mga pangakong ito, sinabi Mo na saanman nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Iyong Pangalan, Ikaw ay nasa gitna ng Iyong bayan, at Iyong sasagutin ang kanilang tawag.

8 At may mabibigat na mga puso ngayon. Dahil mula nang pagpasok sa simbahan, nakikita ko ang mga nasa stretcher o maliliit na higaan. At ang ilan ay nakalilis ang mga manggas, dahil sa mga impeksyon—impeksyon sa kanilang mga braso. At ang iba, nabalitaan ko, na nawalan ng mahal sa buhay. At, oh, ito’y isa talagang makasalanang at masamang mundo! Pero, sa kabila nun, lahat ng mga bagay na ito’y kailangang mapaghusay sa Panginoong Jesus, Na nagsabi sa amin, na, “Ang lahat ng mga bagay ay nagkakatagapagang na gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa Diyos.”

9 At inaaliw kami ngayong umaga, sa paniniwala na marami sa mga bagay na ito ay para ibunsod kami na lumuhod sa aming mga tuhod. At gusto naming bulayin ang Kasulatan na ’yun, na, “Silang naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagong lakas. Sila’y pailanlang na may mga pakpak na parang isang agila. Sila’y tatakbo at hindi mapapagod. Sila’y lalakad at hindi manghihina.” At katulad ng sinabi ng makata, “Turuan Mo ako, Panginoon. Turuan Mo ako, Panginoon, kung paano maghintay.”

10 Ibunsod po kami, ngayon, habang naghihintay kami na makapakinig mula sa Kaluwalhatian, at mula sa bibig ng aming Tagapagligtas, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na matiyaga kaming maghihintay na mapakinggan ang Kanyang Tinig na magsabi ng mga bagay ng pagmamahal sa amin, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at magsalita ng kapatawaran para sa aming mga kasalanan, at kagalingan para sa aming mga karamdaman.

11 At lisanin nawa namin ang tabernakulong ito ngayong umaga, na nagagalak, at sabihin tulad ng mga nanggaling sa Emaus, “Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin habang tayo’y kinakausap Niya sa daan?” Sapagkat tunay kaming naniniwala na Siya ang Panginoon na nagbangon, tulad ng natagpuan nila Siya noong araw na ’yun. At nasa gitna Siya ng mga tao. Hindi kami mapapagod, ang aming mga puso’y hindi manlulupaypay. Hayaan Mo pong magpanibago ang aming pananampalataya, bawat oras, sa Iyo. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

12 Hinihiling namin sa Iyo na pagpalain ang Salitang nasusulat. At pagpalain ang mga pakinig na makikinig, at ang mga labi na magsasalita; at magtamo Ka ng Luwalhati sa Iyong Sarili. Sapagkat dumadalangin kami sa Pangalan ni Jesus. Amen.

13 Walang sinuman sa atin ang ligtas sa mga problema. Hindi ipinangako ng Diyos na di na tayo makakaranas ng lahat ng karamdaman. Pero nasusulat, na, “Ang Kanyang lakas ay sapat, at hindi Niya tayo bibigyan ng sobrang pasanin kundi bibigyan Niya tayo ng biyaya upang kayanin ito.” Kaya mayroon tayong kaaliwan sa pagkaalam nito.

14 Dumako na tayo sa kaisipan ng teksto ngayon, pansumandali, tungkol sa isang bagay na parang inilagay

sa puso ko nitong huling ilang oras: *Bantay, Gaano Pa Katagal Ang Gabi?*

¹⁵ Marahil mga nasa, pagitan noon ng paglubog ng araw at gabi. At isang kakila-kilabot na araw marahil 'yun sa lungsod, dahil may pag-aalertong babala, na haya't sila, na bantay sa tore, ay nagpadala ng mensahe na may natatanaw siyang alikabok na umaangat sa kalayuan mula sa mga gulong ng mga karwahe. At narinig niya ang yabag ng mga paa ng mga kabayo, doon sa kalayuan.

¹⁶ Pero kung paano nga na may dalawang dalagang nakatayo sa may balon, at nasa kanilang kabataan at kasiglahan ng edad, may mga bagay raw na dapat na mas iniisip nila, sa tingin nila, kaysa sa sinabi nung bantay. Marahil hindi ito masyadong mahalaga para sa kanila, dahil sila'y nasa kalagitnaan pa lamang ng kanilang kabataan. Marahil ang dahilan ay may kasiyahan na magaganap nung gabing 'yun, at gusto ng mga dalagang ito na dumalo sa kasiyahang 'yun. At tila ba ang babala ng bantay ay di makakaapekto sa kanilang nakaplano nang makasanlibutang kasiyahan para sa gabing 'yun. Kaya habang patuloy ang pag-uusap, at—at sasabihin nung isang dalaga sa isa pa, "Hindi ba't nakakalungkot, na, sa panahon natin, may mga ganyang tao na panira sa kasiyahan ng iba, may ganyan na magtatangka na—na ilayo tayo mula sa mga pribilehiyong mayroon tayo, at mula sa mga kasiyahang maaari nating matamasa?"

¹⁷ At naniniwala ako na katulad na katulad 'yan ng modernong bersyon ngayon, na iniisip ng mga tao na kapag sinisikap mong mang-alerto at balaan sila tungkol sa mga paparating na panganib, ay iniisip nila na isa kang matandang makalumang tao, isang tao na nagtatangkang ilayo ang lahat ng kasiyahan sa buhay.

¹⁸ At makikinita rin natin ito sa mga kabataang lalaki naman, habang papauwi na sila galing sa pagawaan, at marurungis ang mga mukha nila galing sa trabaho na pinagtrabahuan nila maghapon. At marahil sasabihin nung isang binata sa isa pa, "Pagkatapos na pagkatapos nating makapaghilamos at makapag-ayos, nang kaunti, aba, magkita-kita tayo sa bahay-inuman, gaya ng dati. Dahil sigurado ako na ikaw, John, hindi ka naman nababahala tungkol dun sa mensaheng narinig natin ngayong araw, nung bantay sa tore, na nagtatangkang ilayo ang lahat ng kasiyahan sa buhay, na haya't sinisikap sabihin sa atin na may paparating daw na panganib. Pero, alam n'yo, nasa atin ang pinakamahusay na hukbo na mayroon. At marami sa mga sundalo natin ay. . . nagkikita-kita gabi-gabi sa parehong lugar na pinupuntahan natin, at tuwang-tuwa tayo sa pakikisama sa isa't isa, tulad na lang nung isang—isang munting pagsusugal, at ilang inumin. At ako, sa sarili ko," sasabihin niya, "ayaw kong maalarma tungkol sa alinman sa mga bagay na 'yan na

sinasabi nung bantay. Dahil naniniwala tayo na kung may paparating na anumang mga panganib, tiyak na malalaman 'yun ng ating—ating mga rabi ang tungkol dito, o ng mga pastor natin, at sasabihin nila sa atin ang tungkol sa ganoong mga bagay. At talagang wala tayong interes na pakinggan itong mga nakakabagot na kuwento ng mga bantay sa tore.”

¹⁹ At kung hindi ba't 'yan na 'yan ang hayagang eksena sa bansa natin ngayon, na ang mga kabataan ng ating bansa, at di lang kabataan, kundi ng matatanda na rin ng ating bansa, ay naging ligaw na. At tumatangi silang makinig sa mga babala. Haya't sa tuwing magbabala ang isang tunay na bantay, itinuturing siya bilang isang erehe, o kung anong panatiko.

²⁰ At habang ang araw ay nagiging gabi, marahil may sundalo sa pintuang-bayan, na nagbabantay sa pintuang-bayan, ang medyo di na mapakali. At lalapitan niya 'yung . . . kalapit niyang bantay, at sasabihin, “Naniniwala ka bang may posibilidad na tama 'yung bantay?”

²¹ Alam n'yo, may kung anong bagay tungkol sa panganib, may kung anong bagay tungkol sa kamatayan, na tila may paunang babala ukol dito. Madalas na ang mga mahal natin sa buhay bago lamang sila tumawid sa kabilang ibayo, para bang may babala na dumarating sa kanila.

²² Naiisip ko ang aking tatay, bago ang kanyang pagyao. Maraming taon siyang nawala sa Kentucky. Pero, bigla-bigla na lang, para bang may nagpakilos kay tatay, para pumunta roon sa lugar kung saan kami dati nakatira at makipag-usap sa mga mahal niya sa buhay at kanyang mga kaibigan.

²³ Pagkatapos niyang makabalik sa tahanan, 'yung kapatid niya, na hindi niya nakita, ay para bang may kakaibang babala na pumunta raw siya sa Jeffersonville para makita si tatay. At habang nakaupo sila, nag-uusap, sumakabilang buhay si tatay.

²⁴ Naiisip ko ang biyenan kong lalaki. Ilang araw lang bago siya pumanaw, sinabi niya, “Billy, mamaril tayo ng squirrel, sa itaas ng Utica. Gusto ko lang bumalik sa dating lugar na 'yun.” Mangyari nga, na ayon na rin sa plano ng Diyos, hindi ako nakasama sa kanya noong araw na 'yun. At umakyat siya noong araw na 'yun at nangaso, at pagbalik niya sakay sa bus, sinabi niya—sinabi niya sa akin, ang sabi niya, “Nakaupo ako sa itaas ng burol. Nagbago nang lahat ngayon. Pero doon sa isang sulok ng kagubatan, sa Battle Creek, sa itaas lang namin,” sabi niya, “para bang nauulinigan ko ang nanay ko na tumatawag, ‘Oh, Frankie!’” Nagpatotoo siya noong gabing 'yun, diyan sa pangalawang hilera ng simbahang ito, sa kaliwa ko, na humihiling siya ng panalangin mula sa mga tao para sa kanya. At makalipas lang ng ilang araw, inilibing namin siya.

²⁵ Mistula nga na laging nagpapadala ang Diyos ng isang mensahero. Ito'y Kanyang kabutihan at Kanyang biyaya, para

bigyan ng babala ang mga tapat ang puso tungkol sa mga bagay na paparating.

²⁶ At labis akong nagagalak na sa panahong ito na kinabubuhayan natin ngayon, na, kung kailan nasa lahat ng dako ang kalungkutan at kadiliman, tila ba may isang pinagpalang pag-asa na humahawak sa puso ng mga tao, na sa isang maluwalhating oras ay darating na si Jesus.

²⁷ At sa matinding panahong ito ng kaguluhan, sa lungsod na 'yun, niwawalang bahala lang 'yun ng mga kabataan, at ng maraming tao na walang pakialam tungkol sa sinasabi-sabi ng bantay. Dahil nga naman, nasa bahay-inuman sila, naglalasing, at kasalukuyan ang pagsasaya. At nag-iinumang lahat ang mga sundalo. At nagpapakasaya sila, inaakalang ligtas na ligtas sila. "Walang makakapanakit sa kanila," dahil sila'y lango na, gaya ng tawag natin dito, sa espiritu ng wisiki at pinaghalo-halong inumin.

²⁸ At bigla na lang, may mga dumating na karwahe papasok mismo sa lungsod. At sumambulat ang mismong mga pintuan ng bahay-inuman, at ng mga tahanan, at nag-uundayan ang mga sandatang pamaslang, dahil mismo tinanggihan nilang makinig sa babala ng bantay.

²⁹ At ang mga tungkulin ng isang bantay, sa matandang Biblia, ay isa siyang tao na pinili. Dapat isa siyang tao na alerto ukol sa mga bagay sa kalangitan. Dapat alam niya nang eksakto kung saan nakaposisyon ang mga bituwin, para masabi ang ganap na oras sa mga tao. Marami sa mga nababahala, ang lumalabas, marahil, at hindi na makatulog, hindi mapakali, at sisigawan ang bantay sa tore, at isisigaw ang mga salitang ito, "Bantay, gaano pa katagal ang gabi?"

³⁰ At titingin siya sa mga bituwin, at saka niya sasabihin, "Haya't ganito-at-ganyan na ang oras."

³¹ Saka sila babalik sa kanilang highaan, o saan man nila piliing tumuloy, hinihintay ang pagdating ng sikat ng araw, kung kailan ang nakakapagod, na nakahahapo't, balisang gabi ay magwawakas na.

³² Mahabag nawa ang Diyos! Iniisip ko kung hindi pa kaya oras, ngayon, na hindi ba't tatawag na tayo sa ating dakilang Tagapagbantay, "Gaano pa katagal ang gabi?" May paparating na panganib, at para bang nanginginig ang buong mundo sa ilalim ng impluwensya nito.

³³ Ang bantay ay kailangan ding nasa tungkulin, sa lahat ng oras. At dapat niyang balaan ang mga tao sa mga paparating na panganib. Ganoon ang tungkulin niya, ang magbantay para sa paparating na panganib. At nasa itaas siya sa isang tore na itinayong mas mataas kaysa sa mga pader. At ang toreng ito, mayroon siya roon, sa loob nito, mayroon siyang mga aklat ng astronomiya, at iba pa, para mapagmasdan niya ang mga

bituwin at masabi ang oras. Anumang paparating na bagay, sa oras ng araw, masasabi niya ito.

³⁴ Hayan din, na mas malayo rin ang natatanaw niya kaysa sa sinuman na nasa ibaba. Mas malayo ang tanaw niya kaysa sa sinuman na nasa pader, dahil nasa mas mataas siya. At habang tumataas ka, mas malayo ang nakikita mo. At masasabi mo ang mga paparating na panganib, nang mas malayo kaysa sa mga nasa ibaba.

³⁵ At tulad ni Isaias, sa kanyang panahon, nabanggit niya na ginawa siyang isang tagapagbantay ng Diyos. Inihalintulad ng Diyos ang Kanyang mga propeta sa mga agila.

³⁶ At tulad ng madalas kong ipinapangaral ang paksa tungkol sa mga agila, ang agila ay isang ibon na kayang pumunta nang mas mataas kaysa sa anupamang ibang ibon. At kailangang espesyal ang pagkalikha sa kanya para sa ganoong taas na pupuntahan niya. Ngayon, hindi siya kayang sundan ng lawin. Walang iba pang ibon ang makakasunod sa kanya. Siya'y ibon na dinisenyo ng Diyos, at ginawa siyang ganoon. Kapag sinubukan ng ibang ibon na kunin ang kanyang lugar, mamamatay ang ibon na 'yun. Kailangan may malalakas siyang balahibo, malalakas na bagwis. At anong silbi sa kanya ng paglipad ng mataas kung hindi naman siya makakakita, na may malinaw na paningin para makakita? Bulag ang lawin sa ganoong kataas; hindi siya makakakita. Pero habang pataas nang pataas ang inaakyat ng agila, mas malayo ang nakikita niya.

³⁷ At inihalintulad ng Diyos ang Kanyang mga propeta sa mga agila. Sila ang mga tagapagbantay na umaakyat nang mas mataas, para makakita sila sa malayo. At ginawang espirituwal ang kanilang mga mata para makita nila ang mga paparating na panganib.

³⁸ At itinalaga ng Diyos si Isaias para balaan ang mga tao na may paparating na panganib, at hindi nakinig ang mga tao sa kanya.

³⁹ At, ngayon, may mga agila pa rin ang Diyos, o mga mensahero, o mga tao sa tore, na umaakyat sa Espiritu, nang mas mataas sa lahat ng mga mekanismo, at lahat ng mga bomba atomika, at mga siyentipikong pananaliksik. May mga tao Siya na espesyal ang pagkakatidisenyo para sa ganoong layunin, na umaakyat sa mga kuta ng Kalbaryo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at tumatayo sa ituktok ng krus, at maipadala ang Mensahe pabalik, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Higit na malayo ang kanilang espirituwal na paningin kaysa sa mga saserdote sa templo; higit kaysa sa karaniwang tao sa buhay; dahil espesyal silang dinisenyo para sa mga tungkulin kung saan sila tinawag ng Diyos. Kaya, makabubuti sa atin na tumalima kapag naririnig natin ang mga bagay na paparating.

40 Heto po na babaling ako sandali. At itutuon ko ang inyong pansin sa Hari ng mga agilang ito, o mga propeta, o mga tagapagbantay ng tore. Ang Panginoong Jesus, Mismo. At ang araw na ito na ating kinabubuhayan ay higit na mas dakila kaysa sa araw na naparito Siya noon, na anupa't, noong naroon Siya mismo sa mga anino ng krus, mas marami Siyang sinabi ukol sa Kanyang ikalawang Pagdating kaysa sa Kanyang paglisan. Kung masusi n'yong sasaliksikin ang mga Kasulatan, matutuklasan n'yo na bago lamang ang Kanyang paglisan, ay nagpropesiya Siya tungkol sa mga bagay na mangyayari sa panahon ito.

41 Alam Niyang kailangan Siyang maipako sa krus. Alam Niyang kailangan Niya na magdusa ang—ang inosente para sa may sala. Alam Niya na muli Siyang babangon mula sa libingan, sa ikatlong araw. Alam Niya na walang mga kapangyarihan ang makapipigil sa Kanya sa libingan, dahil sinabi ng Salita ng Diyos, “Hindi Ko hahayaan ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni iiwan Ko ang Kanyang kaluluwa sa impyerno.” At walang kapangyarihan na makakasira sa propesiyang 'yun. Ang Kanyang Salita ay magiging totoo, at ang mga Ito ay matutupad at matutupad sa panahon ng mga Ito. At Siya'y may pagtitiwala, na kung ano ang sinabi ng Ama, haya't kayang tuparin ng Ama ang Kanyang Salita.

42 Samakatwid, ang Kanyang dakilang puso na nasa loob Niya, na siyang Luklukan ng Diyos, haya't alam Niya sa Kanyang puso na darating ang mga dakilang panahon ng pagsubok na ito para subukin ang lahat ng mga bansa, at para subukin ang lahat ng mga tao. Kaya, samakatwid, alam Niya na ang malaking katanungan na nakalatag, ay hindi kung babangon ba Siyang muli, o kung ipapako ba Siya sa krus ayon sa mga Kasulatan, o kung aakyat ba Siya sa Kaitaasan, at darating ba ang Espiritu Santo. Kundi ang katanungan ay, “May natitira pa kayang pananampalataya sa lupa sa Kanyang Pagdating?” At saan nga ba nanggagaling ang pananampalataya? “Sa pakikinig sa Salita ng Diyos.” Yun ang Kanyang tanong. “May pananampalataya pa kaya sa lupa pagdating Ko?” Makakatagpo pa kaya Siya ng mga tao na nananampalataya sa Kanyang Salita?

43 Ngayon kung kailan, sa panahon na kinabubuhayan natin, magagawa nating bumuklat sa mga pahina ng Kanyang pinagpalang Salita, at makikita ang mismong mga bagay na sinabi Niyang magaganap, na aparating na sa mundo ngayon, ang mga tanda at mga kababalaghan na nangyayari na: “Nanlulupaypay ang puso ng mga tao sa takot.” Mayroong “kalituhan ng panahon at kahirapan sa mga bansa. Mga tanawin na kakila-kilabot sa langit,” tulad ng mga flying saucer, at tulirong-tuliro ang Pentagon. “At umuugong ang dagat, at may mga lindol sa iba't ibang dako. Ang mga tao ay nanlulupaypay na, sa takot.” Malalakas na sandatang atomika ang nakahanda na, naghihintay. May bumabalot na karimlan sa lupa, na hindi

pa nasasaksihan kailanman ng mundo noon.

⁴⁴ Noong nakaraang linggo nagkaroon ako ng pribilehiyong makausap ang isa sa mga mahal kong kaibigan at kapatid, si Kapitan Julius Stadskev, na sumulat ng aklat na, *Pagbisita Ng Propeta Sa Aprika*. At nasa California noon si Kapatid na Julius, siya nga'y nag-i-eskuwela ngayon para maging major sa hukbo. At siya . . . Sila, 'yung mga opisyal ng hukbo, siya'y inusisa nang masinsinan. At sinaliksik nila ang tala ng angkan niya hanggang sa ang mismong lola niya sa tuhod ay kailangang maberipika, at ang kanilang kasaysayan at kung ano sila, bago siya makaupo sa pulong na 'yun.

⁴⁵ At pagkagaling niya sa pulong, at umakyat sa itaas ng burol kung saan kami tumutuloy kasama ang ilang kaibigan, nakipagkita siya sa akin doon sa ilalim ng puno ng enebro, at ang sabi niya, "Kapatid na Branham, ito ang pinaka nakakabahalang bagay na narinig mo kailanman." Sabi niya, "Nasa ilalim ako ng maselang panunumpa na hindi ko maaaring sabihin, o hindi ako maaaring magbigay ng anumang impormasyon," sabi, "dahil kami'y . . . Isinailalim nila kami sa maselang panunumpa. Pero," sabi, "masasabi ko ito. Mawawala na ang hukbo. Aalisin na nila ang hukbo; ilang mga guwardiya na lang. Aalisin na ang pagpapalipad. Hindi na—na nila itutuon ang kanilang oras sa paggawa ng mas mabilis na eroplano at kung ano pa, maliban na lang kung para sa komersyal na gamit. Nakatuon na sila sa isang kalabit na lang ng gatilyo. Tapos magkakaroon na ng ganap na pagkalipol."

⁴⁶ Sinabi niya, "Kapatid na Branham, hindi alam ng publiko kung ano ang mga sikreto sa militar." Sabi niya, "Noong 'yung mga matataas na opisyal ay nagusap-usap sa silid," sabi niya, "nagkaroon ng isang nakapangingilabot na kapanglawan sa silid, hanggang sa tumayo ang isa sa kanilang mga pangunahing siyentipiko, at nagsabi, 'Kung maaari lang akong makapagdala ng isang lumang wagon at isang baka, at magtutungo sa likod ng kabundukan, at magtatanim ng repolyo't sitaw, at kalimutan na lang ang lahat ng tungkol dito.' Oh," sabi niya, "ang bagay na ito, kung makarating ang impormasyong ito sa publiko, magkakagulo ang buong mundo. Paparating na ang panganib."

⁴⁷ Sabi niya, "Ginagawa na nila . . . pinauuwi na nila ang kanilang mga tauhan ngayon mula sa mga isla. Pinauuwi na nila ang kanilang mga yunit mula sa Inglatera. At nagpadala sila roon ng naglalakihang mga bapor, na may lulan na kung anong uri ng mga sandata. At naghihintay na lang sila sa unang pagpapakawala ng misayl, at magpapakawala na ang bawat bansa nang sabay-sabay." Sabi, "Walang matitira maski isa mang usbong ng damo sa lupa, o isang bundok na di mayayanig hanggang mapatag. At maaari itong mangyari anumang oras." Oh, napakapanglaw na oras!

48 At lahat ng mga bagay na ito na nababalitaan n'yo tungkol sa mga flying saucer. At narinig n'yo na 'yung panayam sa lalaking 'yun, sa palagay ko, kahapon, sa radyo, na ang sabi'y may nakakausap daw siya. Ayaw ko sanang ibaba ang lalaking 'yun, pero salungat sa Salita ang buong sistema niya. Hindi 'yun tama. "At sa Mars, wala raw silang kamatayan dun, at pumunta sila rito para turuan daw tayo kung paano hindi magkaroon ng kamatayan." Pero pagdating mismo sa patunay, wala siyang maipakita ni isa mang katiting na patunay, na kaya niya itong patunayan. Isa lamang kathang-isip na ideya na gawa-gawa niya. At, sa opinyon ko, huwad ito, dahil iba ang sinabi ng Biblia sa sinabi niya.

49 Maaari kong ipahayag kung ano ang palagay ko tungkol sa mga flying saucer. Hindi ako naniniwalang mga anino 'yung mga 'yun. Hindi ako naniniwalang kathang-isip ang mga 'yun. Naniniwala akong . . . At hindi ibig sabihin tama ito. Ideya ko lang ito. Hindi sinabi sa akin ng Panginoon na ganito 'yung mga 'yun. Pero, sa pamamagitan ng pagtingin sa mga Kasulatan, dahil Doon natin matatagpuan ang lahat ng bagay.

50 Sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayon din naman sa pagdating ng Anak ng tao." At bago ang pagkawasak ng Sodoma, at bumaba ang apoy at sinunog ang siyudad at ang mga kapatagan, may mga Anghel na ipinadala mula sa Langit, na tumingin at nagsiyasat, para alamin kung totoo ang mga bagay na ito o hindi. At hindi ba't magiging tulad ito na ang Diyos ay magpapadalang muli ng Kanyang mga Anghel para mag-imbetiga at alamin, bago lamang dumating ang matinding pagkawasak? At napansin n'yo ba? May isang Anghel Na dumating, Na dumalaw sa isang matandang lalaki na nagpasya para sa Diyos, at naninirahan, na hinahamak ng mundo, doon sa isang tolda sa ilang, dahil may isa na pumili't binitbit ang lahat niyang kayamanan. Pero ang sabi ng lalaking ito, "Ayos lang. Mananatili't mananatili ako rito sa kalooban ng Diyos."

51 Mas gugustuhin ko pang nasa kalooban ako ng Diyos kaysa matamo ang lahat ng salapi na kayang ibigay sa iyo ng mundo.

52 At noong mapagpasyahan ang huling desisyon, saka dumating ang Anghel ng Panginoon kay Abraham at nagsabi, "Tumingin ka sa silangan, kanluran, hilaga, at timog. Sa iyong lahat ito, Abraham."

53 Sinasabi sa atin ng mga Kasulatan, "Mapapalad ang maaamo: sapagkat mamanahin nila ang lupa." Anong magiging pakinabang mismo? Ang lahat ng mga bagay sa lupa'y mawawala kasabay ng lupa, pero ang Diyos ay di kailanman mawawala.

54 At naniniwala ako gaya ng kung papaanong, napangunahan akong maniwala, na 'yun ay, kung ang larawan ng Anghel ng

Panginoon na Siyang dumarating at gumagawa ng pagkilala . . .

⁵⁵ Napansin n'yo ba 'yung Anghel na Yun na dumating kay Abraham? Nakatalikod Siya sa tolda, noong kausap Niya si Abraham, at ang sabi'y, "Tutuparin Ko ang Aking pangako sa iyo."

⁵⁶ Oh, napakadakilang Mensahe ng Anghel ng Diyos sa panahong ito, na Kanyang tutuparin ang Kanyang pangako! Ang lahat ng kawalan ng pananampalataya ng sanlibutan, ang mga mapagduda, mga agnostiko, at mga walang kinikilalang Diyos, at mga di-mananampalataya, ay di kailanman mapapawalang-bisa ang Kapangyarihan ng Diyos. Mangyayari't mangyayari Ito ano't anuman.

⁵⁷ "Aalalahanin Ko ang Aking pangako, at tutuparin Ko ang Aking pangako." At tumawa si Sarah sa loob ng tolda sa likod Niya.

⁵⁸ At habang nakatalikod sa tolda, ang sabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah?"

⁵⁹ At tumakbo sa labas si Sarah at nagsabi, "Hindi ako tumawa," dahil natakot siya.

⁶⁰ Anong klaseng Tao ito? Mapapaisip ka mismo kung ano kayang klase ng Bantay ang nasa tore noon? "Ano kayang klase ng tao itong kasama namin, na kahit nakatalikod Siya sa akin, haya't sa kabila nun ay alam Niya mismo na tumawa ako, sa loob ng tolda?" Tandaan n'yo, Siya ang Bantay.

⁶¹ At bumaling Siya, at sinabi Niya, "Oo, tumawa ka." At natakot si Sarah.

⁶² Ngayon, mapapansin nating muli, na sa araw na ito bago mismo ang Pagdating ng Panginoon, babalik muli ang parehong mga Nilalang na ito. At naiisip ko, habang tumitingin tayo sa paligid at nakikita ang kalikasan Nila, masdan n'yo kung anong ginagawa Nila, at iniisip ko kung marami sa mga di-malirip na mga tanawang ito ay kung hindi ba't eksakto sa sinabi ni Jesus na mangyayari. "Magkakaroon ng mga tanda sa kalangitan sa itaas. At sa lupa ay magkakaroon ng kahirapan ang mga bansa, kalituhan sa panahon, mga lindol sa iba't ibang dako, at mangangamatay ang mga kalalakihan sa pagpalya ng puso." Hindi kababaihan; kalalakihan. Hindi kadalasan namamatay ang kababaihan sa sakit sa puso. Ang mga lalaki. Tinutupad nito ang sinabi ni Jesus na mangyayari. Eksakto mismo sa sinabi Niyang mangyayari.

⁶³ At pagkatapos maaari nating tugaygayin, oras-oras, ang tungkol sa lahat ng mga propeta, kung papaanong nagpropesiya sila tungkol sa panahong ito. Hindi ba't mapapasigaw ang isa, "Bantay, gaano pa katagal ang gabi?"

64 Walang kasagutan ang Pentagon. Walang kasagutan ang Estados Unidos. Alemanya, Rusya, wala sa kanila ang may sagot. Walang kasagutan ang siyensiya.

65 Nasa Kanino ang sagot? Ang Bantay, na nasa ibabaw ng pader, ang may sagot. “Bantay, gaano pa katagal ang gabi?” At ang Espiritu Santo ang Bantay na ’yun na nagbubunsod sa mga tao na maghanda, at nagbibigay ng mga babalang mula sa Diyos. Inilagay Siya bilang isang Bantay. Nakikita natin na pinapagaling ang mga maysakit, minumulat ang mga bulag na mata, nakakarinig ang mga binging tainga, lumalakad ang mga pilay, ang mga lumpo ay tumutulo. . . o tumatalon gaya ng usa. Tinutupad ang. . . Ano nga? Ito na ang Pagdating ng Panginoon, na nagtutumulín.

66 At lahat ng mga bagay na ito, at mga babalang ito! At walang humpay pa rin ang mga tao sa kanilang pag-iinuman, hanggang sa mga oras ng kahangalan nila. At nagkakatuwana sila. “At sila’y nagsasayawan, at sila’y nagsisikain, at sila’y nagsisiinom, at sila’y nag-aasawa, at sila’y pinapag-asawa,” katulad mismo ng sinabi ng Diyos na mangyayari. Wala nang paraan para pigilan sila.

67 Pagkatapos kung mapapansin n’yo, sa dakilang kapanahunan ng iglesyang ito, ayon sa Apocalipsis 3, sa panahong ito ngayon na pinagkalooban ng Tala sa Umaga, bago mismo ang Pagdating.

68 Masdan n’yo kung gaanong nakabatay sa Kasulatan si Isaias noong sabihin niya, “Bantay, gaano pa katagal ang gabi?” Ang sabi niya, “Ang umaga’y dumarating, at gayundin ang gabi.” Ano? Dumarating ang umaga, pero dumarating ang gabi bago ang umaga. Ano ito? Alam ninuman na bago lamang magbukang-liwayway, sa mga oras na paparating ang araw, nagiging mas madilim mismo.

69 Oh, mga kaibigan ko, makinig kayo sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kung itinuturing n’yo ako na Kanyang lingkod, haya’t bago lamang magbukang-liwayway. Yun ang dahilan kung bakit ang nakakatakot na karimlan na ito’y nasa ibabaw ng mundo. Ito’y bago lamang ang Pagdating ng Panginoong Jesus. Wala nang natitira pang pag-asa sa anumang bagay kundi ang Kanya lamang Pagdating.

70 Ang mga bansa ay laban sa mga bansa. At naging hangal sila sa pangiangalam sa laboratoryo ng Diyos hanggang sa makuha nila ang kapangyarihan na pasabugin ang isa’t isa hanggang maging mga atomikong abo. At masasama sila, at wala silang kinikilalang relihiyon, at sila’y hindi tulad ni Cristo. At ang tanging motibong mayroon sila, at layunin, ay ang mangwasak. At sila ay kinasihan ng mangwawasak na anghel na ipinadala buhat sa langit upang kasihan ang mga taong ito.

71 Hayaan n'yong sabihin ko ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ipinadala ang Espiritu Santo bilang isang Bantay sa tore. At tulad ng isinisigaw ng mga tao, "Gaano pa katagal ang gabi?" Pagod ka na ba sa buhay na ito? Pagod ka na ba sa kasalanan? Pagod ka na ba sa mga prusisyon ng paglilibing, at mga karamdaman, at kasamaan sa magkabi-kabila? Mahaba't nakakapagod na ba ang gabi? "Gaano pa katagal ang gabi, Bantay?"

Sabi niya, "Ang umaga ay dumarating na." Nakita n'yo ang kaaliwan?

72 "At dumarating din ang gabi." Ano ba ang gabi? Tingnan n'yo kung papaanong lubos na umaayon 'yun sa Kasulatan, si Isaias. Sa karaniwang takbo ng—ng kalikasan, sa tuwina ang parating na araw ay pinagsasama-sama ang kadiliman at pinadidilim ito. Mas madilim bago umaraw kaysa sa anumang ibang oras sa gabi. Bakit? Ang papalapit na liwanag kasi ang nagpapadilim dito.

73 At ang malapit na pagdating ng Panginoong Jesus ngayon ang nagbubunsod ng kadilimang ito sa lupa. Hindi ba't sinabi Niya, "Kapag nagsimulang mangyari ang mga bagay na ito, itaas ninyo ang inyong ulo, sapagkat malapit na ang katubusan ninyo"?

74 Ang Palestina ay isang bansa. Nagbalik na ang mga Judio mula sa iba't ibang dako ng mundo, at inilagay na sila roon para masaksihan ang Kanyang pagdating, gaya ng sinabi ng Diyos na mangyayari. "Pag-aralan ninyo mula sa puno ng igos ang kanyang talinghaga, kapag nagsusupling na ito ng mga usbong." Sinabi Niya, "Gayundin naman na hindi lilipas ang henerasyong ito, hindi mapapawi, hindi ito magwawakas, hanggang sa matupad ang lahat ng mga bagay na ito." Anong henerasyon? Ang henerasyon na makakakita ng puno ng igos na nagsusupling na ng usbong nito. Noon pa man ang Israel ay ang puno ng igos.

75 "Ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng kuliglig," sabi ni Joel. "Ang iniwan ng kuliglig, ay kinain ng uod. At ang iniwan ng uod, ay kinain ng balang." At kung mapapansin n'yo, ang siya ring salagubang 'yun. Bawat isa sa mga insektong 'yun na kumakain nung puno, ay ang siya ring insekto, haya't iba't iba lang ang yugto. At ang siya ring kasalanan at kawalan ng pananampalataya na nagsimulang kumain sa mga Judio, na, "Si Jesus ay hindi ang Cristo," na kumain sa punongkahoy na 'yun hanggang sa maging isang tuyong tuod. At nakita 'yun ng propeta, at siya'y tumangis. Pero sinabi ng Panginoon, "Aking isasauli," sabi ng Panginoon, 'ang lahat ng mga taon na kinain ng mga kuliglig, at ng mga balang, at ng mga tipaklong."

76 At sa unang pagkakataon sa loob ng dalawampu't limang daang taon, bumabalik na ang mga Judio sa kanilang sariling

bayan. “Ang henerasyon na ‘yun ay hindi mawawala, hindi lilipas, hanggang sa maganap ang mga bagay na ito.” “Pagkatapos ay Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa mga huling araw,’ sabi ng Diyos, ‘sa Aking mga anak na lalaki’t mga anak na babae, at sila’y magsasalita ng propesiya. At Ako’y magpapakita ng mga kababalaghan.”

⁷⁷ Gumagaling ang mga maysakit, dakilang mga kapangyarihan ang ipinapamalas, ng siya ring Espiritu na naupo at nagsabi kay Abraham na tumawa si Sarah sa silid sa likod Niya.

Pagkatapos sisigaw tayo, “Bantay, gaano pa katagal ang gabi?”

⁷⁸ At ang sabi niya, “Dumarating ang gabi.” Masdan. Ang gabi, una . . . Dumarating ang umaga, una. Pagkatapos, ang gabi, rin.

⁷⁹ Bago lamang ang pagbubukang-liwayway, sa tuwina’y may isang malaking liwanag na noon pa ma’y inilagay na sa kalangitan, at ‘yun ang tala sa umaga. Kapag nakikita mo ang tala sa umaga na ‘yun na nagliliwanag, papaliwanag nang papaliwanag, saka naman padilim nang padilim ang lupa. At ang dahilan kung bakit mas maliwanag, ay dahil mas madilim ang lupa.

⁸⁰ At ang Iglesya ng mga huling araw na ito, ang mga tinawag-palabas at ang mga hinirang na Katawan ni Cristo, ay pinangakuan sa pamamagitan ng Biblia na ibibigay Niya sa kanila ang Tala sa Umaga.

“Bantay, gaano pa katagal ang gabi? Ano nang mangyayari?”

⁸¹ Heto po. Darating ang ganap na pagkalipol sa buong mundo. Pero bago maganap ang pagkalipol na ‘yun, aalis ang Iglesya ni Jesus Cristo sa Pag-agaw, para salubungin ang Kanyang Panginoon.

⁸² Ano ang gagawin ng tala sa umaga? Ano ang nagpapaliwanag sa mga bituwin sa oras na ‘yun? Haya’t ang pagdating mismo ng araw. Pinapaaninag ng tala sa umaga ang liwanag ng araw. Para bang nababawasan ng ningning ang ibang bituwin sa oras na ‘yun.

⁸³ At ang lahat ng mga teolohiyang gawa ng tao, lahat ng malalamig, na pormal na pagsasawalang-bahala ay matutuyo. Pero ang bantay na nakaupo roon sa ibabaw ng tore, kasama ang Tala sa Umaga, ay pinapaaninag ang tunay na Mensahe ng Panginoong Jesus na malapit nang dumating, dahil Siya’y nagiging mas maliwanag at mas maliwanag, sa tuwina, habang nagsisimulang sumikat ang araw.

⁸⁴ Oh, sasabihin ko, mga tala sa umaga, magbangon na kayo at suminag sa kaluwalhatian ng Diyos, dahil parating na ang kadiliman ng hatinggabi sa ibabaw ng lupa, at masalimuot na

kadiliman sa mga tao. Pero dumarating na ang umaga, at dapat na magliwanag na ang mga bituwin.

⁸⁵ Isipin n'yo ang kakila-kilabot na oras na kinakaharap ng buong mundo. Isipin n'yo ang nakakatakot na karimlan na kinakaharap ng bawat di-ligtas na tao sa panahong ito. Lahat ng mga bansa, at lahat ng mga bundok, at lahat ng mga bukirin at lahat ng mga bahay na ipinagmamalaki nila, ay mapupulbos, sa mga abo ng bulkan muli, sa isang iglap lang, sa isang kisapmata.

⁸⁶ Pero ang mga umiibig sa Panginoon, at mga nagtataglay ng Liwanag ng Tala sa Umaga, na kanilang itinutuon—itinutuon ang kanilang mga mata sa Kanya, at inilalayo ito mula sa mga bagay ng sanlibutan! At gaya ng isinulat ni Pablo sa kanyang pangwakas na sulat, bago niya nilisan ang lupa, siya'y pagod, at balisa, at hapong-hapo. Oh, alam na alam ko ang pakiramdam ng munting Judio na 'yun. Noong sabihin niya, "Huwag akong bagabagin ninuman. Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban, at natapos ko ang aking takbuhin. Iningatan ko ang pananampalataya. At kaya mula ngayon ay may nakalaan na putong ng katuwiran na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na Hukom sa araw na yaon." Pagkatapos naisip niya ang mga tala sa umaga na darating, sinabi niya, "Hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng naghahangad ng Kanyang pagpapakita." Oh, "Itaas ninyo ang inyong mga ulo, malapit na ang katubusan ninyo."

⁸⁷ "Bantay, anong dahilan at sinasabi ito ng pahayagan? Anong dahilan at takot ang siyensiya na kumilos? Ano ang dahilan at natatakot ang Pentagon na ilabas ang impormasyon?" Dahil magpapakamatay ang mga tao't itatapon nila ang kanilang pera sa mga lansangan, at mga bagay-gabay. "Ano mismo. . . . Ano nang nangyayari? Ano na? Ano nang nangyari sa gabi?"

⁸⁸ "Dumarating ang umaga." Siyanga. Ano naman ang tungkol dito? Pagsisimula ito ng umaga, na paparating, itinutulak nito ang Liwanag. Pinapaigting nito ang masalimuot na kadiliman bago suminag ang Liwanag.

⁸⁹ Labis-labis ang kagalakan ko na maging isang Cristiano. Labis akong nagagalak na ako ang Kanyang bantay, isa sa kanila, na nakatayo sa ibabaw ng pader, sumisigaw, "Maghanda na para salubungin ang Diyos, dahil nalalapit na ang oras ng Kanyang Pagdating."

⁹⁰ At kayo, dito sa simbahang ito ngayong umaga, kung may isa na hindi tiyak na ang Tala sa Umaga'y nagpapaaninag ng Kanyang Liwanag sa inyong puso, ang dakilang Espiritu Santo, nawa'y maghanda kayo para dun. Dahil may isang pinaka dakilang pangyayari na magaganap kailanman, ang siyang

malapit na ngayon. Nakatayo na tayo sa bingit nito, pinapanood ang isang drama na sisimulan na.

⁹¹ Maraming beses na akong nakapanood ng mga pelikula, kung paanong sa Hollywood at sa iba't ibang lugar, kung papaano nila inihahanda ang kanilang mga drama. At kung papaano nila dinadala ang kanilang mga artista, at ang iba pa nila, at inaayos ang mga posisyon nito. At kung paano nila sila sinasanay at lahat bago ganapin ang malaking drama. Namamangha ako sa tuwina sa tuwing napapanood ito, at alam ko na isa itong imitasyon.

⁹² Lahat ng mga bagay na imitasyon ay ginawa hango sa mga tunay. Hindi maaaring magkaroon ng pekeng dolyar hangga't walang tunay. Hindi maaaring magkaroon ng mapagkunwari maliban na may tunay na Cristiano. Hindi maaaring magkaroon ng huwad na mensahe maliban na may Isang tunay. Hindi maaaring magkaroon ng gabi maliban na may araw. Walang pasubali!

⁹³ At habang pinapanood ko sila na isinasaayos ang kanilang mga drama, haya't naisip ko, "Oh, nakatayo nga kami roon sa ibabaw na ibabaw ng tore, higit na mataas kaysa sa anumang bagay sa mundong ito, at hinihintay namin ang dalawa sa pinaka dakilang bagay; ang pagkaubos ng oras, at ang Pagdating ng Panginoon." Hindi na magtatagal, "Mawawala na ang oras." "Mawawala na ang oras," at ang Pagdating ng Panginoon.

⁹⁴ At ang anticristo, narito ang kanyang mga nasasakupan. Nasa kanya ang komunismo. Nasa kanya ang iba't ibang ismo: mayroon siyang ismong pang-iglesya, mayroon siyang Katolisismo, mayroon siyang Protestantismo. Naihanda niya mismong lahat, para gumawa ng isang malaking palabas.

⁹⁵ Pero labis akong nagagalak na may isang Ama sa Langit, Na inihanda na ang Kanyang mga tauhan, din, para sa malaking palabas na ito. Kapag ang anticristo'y dadalhin na sila rito sa pagkawala ng lahat ng bagay, maging ng oras, nakahanda na ang Diyos sa Kanyang drama para iangat ang Kanyang Iglesya patungo sa Walang Hanggan, patungo sa maligayang kaharian ng Walang Hanggan, kasama Mismo ang Diyos. Kapag, itong luma't nakapandidiring katawang ito ay babaguhin at magiging tulad ng Kanyang Sariling maluwalhating Katawan, at ang kabulukang ito'y magiging wala nang kamatayan, at sa Kanyang wangis tayo'y mananatili magpakailanman.

⁹⁶ Tingnan n'yo! Kayo na nanonood ng telebisyon, kayong nakikinig sa radyo, kayong nagbabasa ng mga pahayagan, kayo na mahilig makinig sa mga balita at napapaisip kayo kung ano ito, pakinggan n'yo ang tinig ko: "Dumarating ang umaga, at dumarating din naman ang gabi." Dumarating ang umaga para sa mga nakahanda para sa umaga, at dumarating ang gabi para

sa mga hindi nakahanda para sa umaga. Ihanda nawa ng Diyos ang mga puso natin ngayon.

⁹⁷ “Sapagkat sisikat ang umaga nang maliwanag at maaliwalas Magpawalang Hanggan.” At gaya ng sinabi ng makata, “Ang Kanyang mga hinirang ay magtitipon sa kanilang tahanan sa ibayo ng papawirin. Kapag tinawag na ang mga pangalan sa dakong ibayo, naroon ako.”

Manalangin tayo.

⁹⁸ Sa oras na ito ng karimlan sa ibabaw ng lupa, at pagkawasak sa magkabi-kabila, Panginoong Diyos, kami po’y... Sadyang di namin maipahayag ang aming nararamdaman, at ang pagpapasalamat at pagtanaw ng utang na loob sa aming puso, na bumaba si Jesus Cristo mula sa Kaluwalhatian, at naging tao tulad namin, tumahan kasama namin. At pagkatapos noong namatay Siya para sa aming mga kasalanan, dumaan sa Paraiso, at dinala ang mga naghihintay na kaluluwa roon, winasak ang bawat espirituwal na kapangyarihan na pinanggapos ng diyablo sa lupa, at gumawa ng daan, para ang sinag ng Walang Hanggang biyaya ng Diyos ay suminag sa mga handang tumanggap nito.

⁹⁹ Diyos, ipagkaloob Mo po ngayon, na ang mga tao sa lahat ng dako’y magmadali’t, magmadali, na pumasok sa Kaharian, dahil ang Mensahe noon pa man ay nag-aapura. “Magmadali, magmadali, magsilabas na kayo!” sinabi ng Anghel, sa Sodoma, “Wala akong magagawa hanggang sa makarating ka roon.” Panginoon, ipagkaloob Mo po, na bagama’t puspos ng biyaya ang Mensahe, at kapangyarihan, at pag-ibig, ganoon pa man ito’y nag-aapura. Ipagkaloob Mo po, Panginoon, na kaagad na lumapit ang mga tao at tanggapin si Cristo at mapuspos ng Espiritu Santo. Sapagkat sinabi ni Jesus, “Ang mga sa Diyos, ay nakikinig sa Mga Salita ng Diyos.” Lumapit nawa sila at pagsisihan ang kanilang mga kasalanan, mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, para sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, at mapuspos ng Espiritu Santo; para isaayos ang kanilang kaluluwa sa kalagayan ng unang iglesya noon, na ganoon din mismo ang mangyayari sa pagdating Mo.

¹⁰⁰ Nagpapasalamat po kami para sa Mensahe, at dumadalangin na Iyong pagpapalain Ito, Panginoon, sa ikabubuti ng aming mga puso, habang hinihintay Ka namin. Sa Pangalan ni Jesus kami’y dumadalangin. Amen.

¹⁰¹ [Blangkong bahagi sa teyp. Sinisimulang tugtugin ng piyanista ang *When They Ring The Golden Bells.*—Ed.]

One by one we’ll gain the portal,
There to dwell with the immortal,
When they ring those golden bells for you and
me.

¹⁰² Hindi nga ba’t sadyang iniibig n’yo Siya? Ngayon, tapos na ang mensahe, atin mismong sambahin Siya nang ganyan, sa

Espiritu. Haya't . . . Narito Siya. Mabibigat, mabagsik na mga salita, pero totoo ang mga ito. Sinasabi ko ang mga ito sa Pangalan ni Cristo. Papalapit na ang araw. Kung itinuturing n'yo ako . . . Nais ko itong . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

. . . you and me.

Sige't itaas lang natin ang ating kamay.

. . . you hear . . .

Don't you hear the Angels singing?

Tis a glory hallelujah Jubilee.

In that far-off sweet forever,

Just beyond the shining river,

When they ring those golden bells for you . . .

¹⁰³ Habang tinutugtog 'yung muli ng kapatid, makipagkamay lamang tayo sa katabi n'yo! . . . ? . . .

. . . sweet forever,

Just beyond . . .

When the . . . only reach that shore by faith . . .

¹⁰⁴ Sabihin lamang sa isa't isa, "Manlalakbay, labis akong nagagalak na makasama ka."

. . . one we gain the portal,

There to dwell with the immortal,

When they ring those golden bells for you and me.

Don't you hear the bells now ringing?

Don't you hear the Angels singing? (Ano ito?)

Is a glory hallelujah Jubilee.

In that far-off sweet forever,

Just beyond the shining river,

When they ring those . . .

¹⁰⁵ May naalala ako bigla. Ang maybahay ko, diyan sa likod, naaalala niya itong maigi. Nagkaroon ako ng pribilehiyong makabisita sa lumang simbahan ng Pisgah, sa Bible institute sa California. Nagkaroon ako ng isang gabing gawain kasama nila. Yun 'yung lumang, orihinal na sentro. Napakagandang lugar! Nakilala ko ang pastor, si Kapatid na Smith. Alam n'yo, naglalathala sila ng pahayagan. May tumutulong sa kanila. Hindi sila nangongolekta ng mga handog. Libre lahat. At umiiral sila nang mahigit limampung taon na. Sinimulan ito ng isang doktor na lumpo, na pumunta ng California para humingi ng tulong. Sabi ng doktor, "Wala nang magagawang remedyo sa iyo."

Naniniwala akong ang yumaong si Dr. Price o isang tao, ang nanalangin para sa kanya, sa isang silid isang umaga. Wala siyang nakuhang anumang resulta, mistula nga, noong mga oras na 'yun mismo. Pero di ibig sabihin nun ay walang anumang nangyari. Mangyari nga, papaalis na siya. Ang sabi niya, "Kahit

papaano, o anupaman, naniniwala pa rin ako, hayan nga.” At noong simulan niyang ihakbang ang paa niya sa may bangketa, biglang tumuwid ang baldado niyang paa. Itinatag niya ang Pisgah Home.

¹⁰⁶ Nandoon ako noong isang gabi, nangangaral. Nagsiksikan ang mga tao sa malaking awditoryum, at daan-daang makailang daan ang nakatayo sa buong kalsada at lahat-lahat na, kung saan abot ang mga tao hanggang likod. At noong matapos na ang Mensahe, may nangyari, dalawang bagay na hindi ko pa kailanman nasaksihan sa buhay ko. Hindi sila isang grupo lang ng mga tao na panay ingay lang. Hindi sila isang grupo ng mga tao na nauupo lang, walang buhay. Sila’y mga tao na puspos ng Espiritu. At nasiyahan ako sa kahanga-hangang pakikisama na ’yun. At noong kami’y . . .

¹⁰⁷ Bago ko ipanalangin ang mga maysakit, nagsimula silang umawit ng isang matimyas na awitin na gaya n’yan. At natigilan ako, at namangha ako. Sabi ko, “May bagay nga na nangyayari rito. Hindi ko nauunawaan.” Pinakinggan kong muli, at dalawang koro ang narinig ko. Sabi ko, “May mali yata.” At iniling ko ang aking ulo. At, sa tainga ko, nandun na naman. Sabi ko, “Oh Panginoon, baka alingawngaw lang ito mula sa koro *rito*.” May naririnig pa kasi akong isa sa itaas *dito*, sa pinakataas, sa tuktok na mismo ng bubong. Sabi ko, “Baka nga rito sa itaas.” Kaya umalis ako sa kinapupuwestuhan ng mga ministro, at umakyat sa itaas sa balkonahe ng mga koro. Sa itaas ’yun.

At sinabi ko—sinabi ko sa maybahay ko, sabi ko, “Naririnig mo ba ’yun, mahal?”

Sabi niya, “Ano ’yun?”

“Kapatid na babaing Arganbright,” sabi ko, “naririnig mo ba ’yun?”

Sabi niya, “Oo. Narinig ko na ’yun minsan noon, sa buong buhay ko.”

Pumunta ako kay Kapatid na lalaking Arganbright, “Naririnig mo ba ’yun?”

“Oo.”

¹⁰⁸ Nakayuko ang ulo ng lahat, na umaawit. “Oh,” sabi ko, “siguro . . . gusto ko—gusto ko lang makasigurado. Ayaw kong maging mapaghinala, pero, Panginoon, kung ako nga’y Iyong saksi, kung ako’y magiging isang bantay, kailangan alam ko kung ano ang sinasabi ko. Kailangan kong maging sigurado ukol dito.”

¹⁰⁹ Tulad ng Makalangit na pagpapagaling, kung hindi ako sigurado, wala akong anumang sasabihin tungkol dito. Kung hindi ako sigurado na ito ang Pagdating ng Panginoon, hindi ako magsasalita ng anuman tungkol dito. Kailangan sigurado ako.

110 Bumalik akong muli sa upuan ko. Nakayuko ang ulo ng lahat.

111 At sa panawagan sa altar, maraming tao ang nagpapatong ng kanilang mga kamay sa bintana, na lumalapit kay Cristo. At umaawit sila. Pagbaba ko rito, sabi ko, “Panginoon, hindi maaari. Ang mga taong ito na umaawit *dito* sa ibaba ay mga ordinaryong tao lang, pero itong *narito* sa itaas ay parang tunog ng ilang. . . Marahil dalawa o tatlong libong umaawit, *dito*, pero para bang nasa sandaang libo ang nasa itaas *doon*.” At para mismong naglalambingang tinig, na talagang mataas na soprano, na parang boses ng mga babae. Nakinig ako, at talagang kinilabutan ang buong katawan ko.

112 Humakbang ako nang paatras pansumandali. Pinakinggan ko pa. Umakyat ako, sa mataas. Bumalik, dahil tuluy-tuloy lang sila sa pag-awit sa Espiritu. Pinakinggan ko itong muli. Hindi ’yun ’yung boses *dito*. Naririnig ko sila *rito* sa ibaba, na isang uri ng boses; at itong *narito* sa itaas, iba namang uri ng boses.

113 Kaya noong matapos ang gawain, sinabi ko sa pastor, “Pastor, may kakaiba akong narinig.”

Sabi, “Ano ’yun, Kapatid na Branham?”

114 Sabi ko, “Nakarinig ako ng—ng mga boses na soprano ng mga babae, sa matataas na bihasang boses, pinaka magaganda mismo na narinig ko kailanman sa aking buhay, ang sa itaas *doon*.”

115 Sabi niya, “Maraming beses na ’yung narinig *dito*, Kapatid na Branham.”

116 Nabasa ko ang tungkol sa matandang nanay. . . Oh, nakalimutan ko lang ang pangalan niya, na dating nananalangin para sa mga maysakit. At isang gabi pagkatapos na isara ng pastor ang kanyang pangangaral, bumaba ang munting nanay para ipanalangin ang mga maysakit. Naroon ang lima o anim niyang maliliit na anak, kasama niya. At napahinto siya’t nakinig. At si Gng. Woodworth-Etter po ’yun, kung lahat kayo’y nabasa n’yo na ang aklat niya. At narinig niya, sabi niya, “May koro na umaawit sa ibabaw ng awitan sa simbahan.”

Matapos na huminto nung mga boses, sa ibaba *rito*, tuluy-tuloy pa rin Ito sa pag-awit, kita n’yo. At tumayo ako roon.

117 At noong sandaling ’yun, doon sa likod ng gusali. . . Nakita n’yo kung gaanong kaayos, kaperpekto? Ngayon, ako—ako po’y naniniwala sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Naniniwala akong kaloob ito ng Diyos, na nasa iglesya. Naniniwala akong mali ang naging paggamit nito tulad ng iba pang mga Kasulatan na mali ang naging paggamit, pero may isang tunay. Oo. At tumayo ang lalaking ito sa likod ng gusali, doon sa likuran mismo, at nagsalita siya ng apat o limang salita sa ibang wika.

Hindi—hindi lang isang... Isa—isa ngang diyalekto. Maririnig n'yo. Tahimik ang lahat.

118 At may Isang kumilos sa akin, hindi pa ako nagkaroon ng interpretasyon, sa buong buhay ko. At hindi ko 'yun ginagamit noon, dahil takot ako. Ang mga bagay na 'yun ay mula sa Diyos. Mas mabuting huwag kayong magbiro-biro ukol dun.

119 At may Isang nagsabi sa akin, “Mananalangin ang Pastor ng panalangin na may pananampalataya.” Kinailangan kong pigilan ang bibig ko. At naghintay ako. At dumating na naman Ito, isang alon na dumarating, at ang sabi, “Mananalangin ang pastor ng panalangin na may pananampalataya.”

120 Sa isip-isip ko, “Panginoon, wala akong kaloob ng interpretasyon. Ang akin ay ang ipanalangin ang mga maysakit, kaya wala akong kaloob ng interpretasyon.” At itinikom ko ang bibig ko muli at pumirmi sa pagkakatayo.

121 At noong sandali na 'yun tumayo ang pastor at nagsimulang manalangin sa mga maysakit. Oh, Siya ay talagang Diyos! Gumaling ang karamdaman, sa buong gusali, sa lahat ng dako. Ano 'yun? Ang pagsikat ng araw. May natitira pa ring maliit na sanga. Huwag kayong mag-alala. Hindi kailanman nawalan ng saksi ang Diyos.

122 Umaasa ako ngayon na sa isang dakilang mistiko, saanman, marahil hindi sa mala-Anghel na tinig, kundi sa isang bagay na magbubunsod ng kabatiran sa bawat makasalanan, kung mayroon man sa gusaling ito, na ang gabi'y papadilim na nang papadilim sa ibabaw ng lupa, at masalimuot na kadiliman mismo. Pero ang Pagdating ng Panginoon ay nalalapit na, na siyang may bunsod nito. At bilang inyong bantay, masasabi ko, “Dumarating na ang umaga.” Maghanda na, mga tala sa umaga, magliwanag na!

123 Ilan ang gustong maalaala sa isang pangwakas na panalangin bago tayo umalis? Itaas n'yo lang ang inyong kamay.

124 Minamahal na Diyos, nakikita Mo po ang mga tao habang itinataas nila ang kanilang mga kamay. At taos-puso po sila rito. Marami sa mga nagsasaliksik sa mga pahayagan, nagsaliksik sila ng mga pilosopo, mga aklat at artikulo ukol sa iba't ibang bagay, pero hindi pa rin nila matagpuan ang sagot. Pero heto ito na dumarating, ngayong umaga, sa Biblia. “Dumarating ang umaga, at dumarating din ang gabi.” At dalangin namin, Diyos, na Iyo pong pagpapalain ang bawat isa na narito, na nagtaas ng kanilang mga kamay. At alam Mo po kung ano ang nasa likod ng kamay na 'yan na nakataas. At, Panginoon, naniniwala akong sa kinauupuan mismo nila ngayon, na ang Diyos na nasa lahat ng dako ay kayang ipamahagi sa mga taong ito ang pamanang-kaloob ng Espiritu na kanilang hinahanap sa oras na ito. Pagkalooban Mo po ang bawat isa, Panginoon. Para sa

kapakanan ng Iyong Salita at ng kanilang inaasam, at ng Iyong Banal na pangako na hindi mabibigo, nawa'y matanggap nila ang dahilan ng pagtataas nila ng kanilang mga kamay, habang inihahandog ko ang panalanging ito para sa kanila. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, matanggap nawa nila ito. Amen.

Sumainyo ang Diyos.

¹²⁵ Ngayon may kaunting oras pa tayo para sa... Ngayon mananalangin tayo para sa mga maysakit. Labis akong natutuwa na malaman na may pag-asa para sa mga maysakit. "Ako ang Panginoon na nagpapatawad ng lahat ng inyong mga kasamaan, ang Siyang nagpapagaling sa lahat ng inyong mga karamdaman."

¹²⁶ At ako, sa kabila ng pagiging kakaiba nito, naantig ako kanina, sa isang bata pang nanay na nakahiga sa stretcher dito. At siya'y isang—isang biktima ng sakit na Hodgkin's. At naniniwala akong nanay niya ang nakaupo rito na kasama niya. Sigurado ako. Oo, tama nga, haya't naikuwento sa akin ng nanay rito ang tungkol sa kanyang anak, at sinisikap ko kaninang palakasin ang loob niya.

¹²⁷ At may isang pagtawag, din, pagkatapos ng mensaheng ito. Pakiramdam ko ang unang bagay ay kaligtasan. Pangalawa ang kagalingan. Maaaring tumagal ang isang kagalingan hanggang sa katapusan ng inyong buhay, maraming taon. Maaaring magbigay ito sa inyo ng kaligayahan at kagalakan habang narito kayo sa lupa, pero matatapos ito kalakip ng inyong... sa inyong kamatayan. Pero ang isang kaluluwang naligtas, ay may Buhay na Walang Hanggan. Hindi ito maaaring maglaho, o haya't walang makakaagaw nito mula sa inyo. Naroon 'yun sa mga Aklat ng Diyos, para ibangon sa mga huling araw. Ang pinaka mahalagang bagay ay ang unang bagay, "Una, ang Kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran, ang iba pang mga bagay ay pawang idaragdag."

¹²⁸ Gusto ko lamang magbahagi ng isang patotoo tungkol sa kagalingan ng teribleng sakit na ito na dinaranas ng babaing ito na nasa kanyang kabataan pa lang. At mga ilang panahon na ang nakalipas... Baka narito sila ngayong umaga. Hindi kasi ako madalas na nakakaparito para makilala ang sinu-sino. Marami sa inyo ang hindi ko kakilala. Pero may kabataan pang babae rito sa hayskul natin. At pinahihirapan siya ng sakit na ito na Hodgkin's, at dinala siya sa isang doktor, dahil sa malalaking bukol na 'yun na lumalabas sa kanya. At kumuha sila ng kapisasong bukol at ipinadala, para malaman kung ano 'yun. At bumalik ito, "Walang lunas na sakit na Hodgkin's."

¹²⁹ At ayaw ng nanay na malaman nung anak kung ano ang sakit nito. At pinayuhan ng mga doktor ang nanay na hayaan lamang ang bata na pumasok sa paaralan, dahil mga ilang araw na lang ang itatagal ng buhay nito. Sa huli'y umabot 'yun sa puso. At

kanser ang sakit na Hodgkin's, alam natin 'yan, sa isang anyo. Kaya pinapasok lang nila ang—ang batang babae sa paaralan, para pagtuluy-tuluyin lang siya hanggang sa mamatay.

¹³⁰ Labis na nabalisa ang nanay. At tinawagan niya ako sa telepono, at ang sabi, “Gusto ko siyang dalhin diyan. Pero nauunawaan ko, Kapatid na Branham, na sa mga pila mo para sa pananalangin, kadalasan, binabanggit mo ang mga sakit kapag nasa iyo ang kasi ng Espiritu.” Sabi niya, “Maaari po ba, kung magpahayag ng anuman ang Espiritu Santo tungkol sa anak ko, ay huwag mo na lang po itong banggitin?”

¹³¹ “Buweno,” sabi ko, “sa palagay ko hindi Niya ipapahayag ito, kung ayaw Niya itong ipabatid.” Sabi ko, “Sa palagay ko hindi naman. Sa sarili kong tabernakulo rito, bihira akong magkaroon ng ganoong klaseng mga pagtitipon.” Sabi ko, “Basta ipinapanalangin ko lang ang mga maysakit.”

¹³² At pumunta sa pila ang dalagita. At tinanong ko ang nanay, “Isa ka bang Cristiano?”

Sabi niya, “Hindi.”

Sabi ko, “Cristiano ba ang bata?”

“Hindi.”

¹³³ Sabi ko, “Kakila-kilabot na paglisan 'yan sa mundo kung magkataon.” At sabi ko, “Hindi mo na siya makikita pang muli, kung lilisan siya sa ganyang kalagayan.”

¹³⁴ Kaya noong dumating ang dalagita sa silid noong umagang 'yun. . . At dumaan mismo sa parehong lugar na ito kung saan ipinanalangin 'yung batang babae; ganoon din ang babaing ito rito, sa ilang minuto. Tinanong ko siya. Kilala ko siya. At ang sabi ko, “Ikaw ba 'yung dalagita mula sa hayskul dito?”

Sabi niya, “Ako po.”

Sabi ko, “Alam mo ba ang tungkol sa sakit mo?”

¹³⁵ Sabi niya, “Sinasabi sa akin ng mga doktor na sa palagay raw nila'y magiging maayos na ang lagay ko.”

¹³⁶ “Buweno,” sabi ko, “paano kung hindi umayos ang lagay mo? Isa ka bang Cristiano?”

Sabi niya, “Hindi po, ginoo. Hindi po.”

Sabi ko, “Gusto mo bang maging isang Cristiano?”

Sabi niya, “Gusto ko po.”

¹³⁷ At sabi ko, “Ibibigay mo ba ang puso mo kay Cristo?” At ang sabi niya'y ibibigay niya. At dali-daling lumapit ang kanyang nanay at sinabing siya rin. Tapos, binautismuhan ko silang dalawa rito mismo sa bautismuhan. Ipinanalangin ko ang dalagita.

¹³⁸ At lumipas ang panahon. At unti-unti mismong bumuti ang lagay nung batang babae, pagkalipas ng ilang araw, at

hindi niya alam kung ano ang problema. At matapos ang kaunting panahon, ibinalik nila siya para masuri, at wala silang natagpuang bakas nito, maski ano. May isang . . .

¹³⁹ Ayaw kong magsalita ng labis na papuri tungkol sa mga tao, pero gusto kong maging tapat patungkol sa mga tao. May isang lalaki sa siyudad dito, na kilalang-kilala, at siya'y isang mabuting Cristianong kapatid, o kung hindi'y hindi sana siya naging isang diyakono ng iglesyang ito. . . O ibig kong sabihin, isang katiwala ng simbahan. At nandito siya ngayon. At kusa niyang inako na subaybayan ang batang babaing 'yun. Ilang taon ang lumipas, dalawa o tatlong taon, nakatapos na ng pag-aaral 'yung dalaga at may kasintahan na.

¹⁴⁰ At nasalubong ko siya sa kalye isang araw, at napakasaya niya, at nagpatotoo sa kaluwalhatian at sa kapangyarihan ni Jesus Cristo, matapos nilang sabihin sa kanya kung ano pala 'yun. Nag-asawa na 'yung babae. May mga anak na siya. At namumuhay siya nang masaya.

¹⁴¹ At ang tatay niya ay pumupunta sa puwesto ng lalaking ito, para magpagupit ng kanyang buhok. At si G. Egan dito, na—na patuloy na sinubaybayan ang kaso na 'yun mula simula. At 'yung babae'y malusog at magaling na ngayon. At gaanong katagal na 'yun, Kapatid na Egan? Ilang taon na rin ang nakalilipas, hindi ba? [Sinasabi ni Kapatid na Egan, "Apat, lima, anim na taon na ang nakalipas."—Pat.] At buhay mismo ang babae ngayon, bilang patotoo na pinapagaling ng Diyos ang sakit na Hodgkin's.

¹⁴² Oh, napakagandang malaman, na sa mga oras ng kagipitan, ay mayroon tayong matatakbuhan. Ang matatakbuhan 'yun ay si Cristo.

¹⁴³ Gusto kong ibalita para lamang sa . . . sa iba pa sa inyo, ang isang munting bagay sa pagtitipon, na nangyari nito—nito lang. Napakabuti ng Panginoon sa pagsagot sa mga panalangin n'yong lahat, noong magpunta ako sa Kanluran para sa pagtitipon ngayon-ngayon lang, ilang linggo pa lang ang nakaraan, dalawang linggo. At habang nasa Tulsa kami, sa malaking gawain dun, ako dapat ang . . . hindi sana ako ang magsalita, dahil . . . magkakaroon ako ng pagtitipon doon. Pero may ginaganap na ibang mga rebaybal ang mga ministro, kaya hindi ko maaaring idaos ang pagtitipon noong panahon na 'yun. Pero dumaan ako, para sunduin si Kapatid na Arganbright, para isama siya sa California; ang asawa ko at ako, at si munting Joseph.

¹⁴⁴ At noong gabing 'yun, noong huli na kaming dumating, naunawaan kong sina Oral Roberts at Tommy Osborn ang mangangaral noong gabing 'yun. Mangyari mismo na tumawag si Kapatid na Arganbright sa mga hotel hanggang sa matagpuan niya kung saan kami tumutuloy, at ang sabi, "Pumunta kayo sa pagtitipon." Kaya dumating siya, siya at si Kapatid na

Sonmore, ng Christian Business Men, ang pangulo ng sangay sa Minneapolis. Pumunta sila—pumunta sila para sunduin ako.

¹⁴⁵ At pumasok ako, at naghahapunan na sila, doon sa—sa Mayo ballroom, magandang lugar. Nandun ang mga multi-milyunaryo. At alam n'yo naman kung ano ang pakiramdam ko kapag pumupunta ako sa ganoong lugar. Haya't ni hindi ko alam kung paano gamitin ang mga kutsilyo at tinidor na nakalagay sa mesa. Pero pumasok pa rin ako.

¹⁴⁶ At habang papasok ako, nangangaral noon si Oral Roberts. At nangangaral siya tungkol sa kasaganaan ng buhay, ang kasaganaan, at 'yun ang ipinapangusap sa Christian Business Men, na, "Hinuli ni Jesus ang mga isda, inilagay ang mga 'yun sa mga lambat, at ang nahuli nila'y higit kaysa sa kailangan nila—sa kailangan nila." At si Kapatid na Oral Roberts ay mabisa mismong tagapagsalita, gaya ng alam n'yo. At ang sabi niya, "Labis-labis para sa lahat." At ang sabi niya, "Ngayon, nagtatayo ako ng isang—isang templo rito, marahil magkakahalaga 'yun ng milyun-milyong dolyar." Sabi, "Gawa ito sa puting marmol." At sabi niya, "Nasa kalahati na ang naitatayo ko, at naubusan na ako ng pera." At sabi, "Pagkatapos tumawid ako sa kalsada isang araw, para tingnan ito, at ang sabi ng diyablo, 'Alam mo kung ano? Dadaan ang mga tao't sasabihin nila, "Yan lang ang nagawa ni Oral Roberts."'"

¹⁴⁷ Sabi niya, "Pagkatapos ang sabi ko sa diyablo, 'Pero siguradong sasabihin nila, "Sinubukan naman ni Oral Roberts."'" Mainam. Tapos sabi niya, "Pagkatapos inilagay sa puso ng isang taga-bangko, dito sa siyudad, na magpautang sa akin ng higit, halos, dalawang milyong dolyar mula sa bangko, para tapusin ang gusali." Hindi 'yun ginagawa ng mga bangko. Alam n'yo 'yan.

¹⁴⁸ Tapos sabi niya, "Ang partikular na negosyanteng 'yun, na taga-bangko, ay narito ngayon." Sabi niya, "Ayaw kong banggitin ang pangalan niya, dahil hindi siya kabilang kung tutuusin sa mga full Gospel. Pero," sabi, "nandito siya." At sabi, "Sa palagay ko—sa palagay ko hindi rin siya nag-aangkin na Cristiano siya. Pero," sabi, "may kung anong kumilos sa puso niya, at ipinautang niya sa akin 'yung pera." Sabi, "Kung gusto niyang tumayo," sabi, "maaari niyang gawin, pero ayaw kong mapahiya 'yung tao."

¹⁴⁹ Tumayo 'yung lalaki, sabi, "Hindi ako nahihiya, G. Roberts," at naupo na.

¹⁵⁰ Pagkatapos nakapasok na ako, at paupo na. Pagkatapos si Kapatid na Roberts, pagkatapos na pagkatapos niya, lumapit siya at nakipagkamay sa akin, at niyakap ako nang mahigpit. At ilang minuto pa lang, pagkatapos, hayan nga, na maraming tao ang naglalapitan, alam n'yo na, naguusap-usap habang

kumakain pa kami, at gusto nila ng mga pagtitipon at iba pa, at 'yung mga ministro.

¹⁵¹ At pagkatapos tumayo si Demos Shakarian. Siya ang presidente ng sangay ng Full Gospel's Business Men. At tumayo siya at ang sabi niya, "Alam n'yo, parang napangungunahan akong dapat mangaral para sa atin si Kapatid na Branham, ngayong gabi, para sa panghuling mensahe."

¹⁵² Buweno, hindi ko alam kung anong sasabihin. At nagsimula siyang magkuwento tungkol sa mga lalaking nakaupo rito pagkatapos, ang sabi, "Narito si *Ganito-at-ganoon*. Nakilala ko siya ngayong araw." Sinasabi nila sa akin na pag-aari nila itong buong tatlo o apat na bloke ng Miracle Mile. Mga multi-milyunaryo at mga may-ari ng bakahan, at iba pa, at anong puwede kong sabihin sa isang pagtitipon na tulad nun?

¹⁵³ Pero, alam n'yo, sa tuwina'y pinaka mabuti ang sumunod. Kaya tumayo ako para magsalita sa abot ng aking makakaya. At kapag ganoon na papatapos ang gawain. . . Wala talaga sa kaayusan para makapagtawag ng pagdulog sa altar sa isang lugar na gaya nun. Pero, alam n'yo, nakapagtawag na ako ng pagdulog sa altar sa mga gawain ng paglilibing. Kaya naisip ko, "Heto't magandang pagkakataon ito." At ako'y—ako'y tumawag ng pagdulog sa altar. At ang lahat ng mayayamang lalaki't babae roon ay nagsilapit sa Panginoong Jesus, at ibinigay ang kanilang mga puso sa Panginoon.

¹⁵⁴ Namangha ako sa isang milyunaryo, maybahay ng isang multi-milyunaryo na may munting sumbrero, na may magagarang balahibo sa gilid, na marahil nagkakahalaga ng sandaang dolyar. At tumutulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi. Hinawakan niya ako sa kamay, sabi niya, "Kapatid na Branham, naantig ang puso ko." Sabi niya, "Akala ko Cristiano na ako, hanggang ngayon." Sabi niya, "Gusto kong maglingkod sa Panginoon."

At sabi ko, "Salamat naman."

¹⁵⁵ At pagkaraan ng ilang minuto, may Bagay na nagsabi sa akin, "Manalangin ka para sa mga maysakit ngayon."

¹⁵⁶ Sa isip-isip ko, "Oh, hindi. Hindi ko puwedeng gawin 'yun. Naabala ko na ang buong. . . ang malaking bulwagan na ito. Kaya kung manalangin pa ako para sa mga maysakit, iisipin nila na isa talaga akong panatiko." Kaya naisip ko, "Tiyak na hindi 'yun sasabihin ng Panginoon sa akin. Baka naantig lang ako dahil sa mga bagong akay na ito, kaya bababa na lang ako at mauupo."

¹⁵⁷ At bumaba ako sa tabi ng mesa ng tagapagsalita, papunta sa pinakadulo, at naupo kasama si Kapatid na Jack Moore, na nakaupo roon, may kausap. Haya't ibinalik ko ang gawain sa presidente, kay G. Shakarian.

158 At noong siya'y—siya'y tumayo, haya't ang sabi niya, "Alam n'yo kung ano?" Oh, hinipo marahil siya ng Diyos sa balikat. Sabi niya, "Napapangunahan ako na pabalikin si Kapatid na Branham at manalangin para sa mga maysakit."

Sa isip-isip ko, "Oh, saktong-sakto."

159 At tumayo ako at sinabi sa kanila. At ang sabi ko, "Naramdaman ko 'yun. At dalangin ko na patawarin ako ng Diyos. Pero mas mabuti nga sa tuwing may iba na nahihipo, rin, alam n'yo, na pare-parehong ipinapaalam sa atin na ito ang gawa ng Espiritu."

160 Kaya sabi ko, "Ngayon, ang Makalangit na pagpapagaling ay hindi paghipo sa isang totem na poste. Hindi ito isang bagay na kathang-isip lang. Ang siya ring Diyos ito na nagligtas sa lahat ng mga tao rito kanina. Siya rin ang parehong Diyos na nagpapagaling sa lahat ng mga narito, sa pamamagitan lamang ng simpleng pananampalataya sa Kanya." Sabi ko, "Naniniwala ba kayo rito?"

161 At ngayon sa sikreto, sa simbahan ko. Gaya ng alam n'yo na, magbabago na ang ministeryo ko, at, oh, napakamaluwalhating pagbabago! Oh! Natatandaan n'yong lahat 'yung mga Salita na umaalingawngaw. At sa tuwing nangyayari ito, may nagaganap, kapag nagsisimula na akong magsalita tungkol doon, dumarating—dumarating sa akin, "Sabihin mo sa bundok na ito." Bakit ganoon? Ito'y pananampalataya. Ang anumang bagay ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pananampalataya'y hindi isang bagay na pinagpipilitan mo. Ang pananampalataya ay isang bagay na taglay mo.

162 At naisip ko, "Kung. . . Sa tuwina ako'y nahihiya sa aking pananampalataya, sa mga tao, kahit gaanong naging mabuti ang Panginoon sa akin."

163 Nagpakita Siya ng mga bagay-bagay, nagsabi ng mga pangitain. Ang lahat nga'y ganap na ganap. Alam n'yo 'yan. Hindi ito sa isang indibiduwal. Hindi ito sa isang tao. Ang Diyos ang gumagawa nito.

At ang larawang ito *rito*, hayan nga na nakaabot ito sa buong mundo mismo!

Yung mga nasa Alemanya!

164 At dito mga ilang linggo pa lang ang nakalipas, maaaring hindi pa ito nakita ng mga baguhan dito, may isa na naman silang nakuhanan ng litrato. Mayroon ako nun sa bahay. Yun 'yung hugis ng Panginoong Jesus na nakatayo sa likod mismo ng kinatatayuan ko. At nakabukas ang mga kamay Niya, at lumalabas ang mga dila ng Apoy mula sa Kanyang kamay, habang nagsasalita ako tungkol sa paksa, "Sabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at huwag mag-alinlangan sa iyong puso, kundi manampalataya." At mayroon kami nun. Yun po'y

Techni-. . . naka-Kodachrome ang kulay. At mayroon sila nito sa bahay ngayon. At dinala nila. . . Sinuri na 'yun ngayon ng siyensiya, at ng iba pa, at ng mga laboratoryo. Malapit na itong ilabas, isa uli ito, na sa kabuoan ay mga anim na ngayon sa iba't ibang lugar, na nakuhanan.

¹⁶⁵ Ito po ang pinakabukod-tangi sa lahat ng mga 'yun, wala pang ganoon na nakuhanan kailanman. Naroon ang Kanyang—Kanyang balbas, ang Kanyang mukha, ang Kanyang hugis, nakabukas ang mga bisig niya. At nakatayo ako mismo sa loob nang *paganito*, at 'yung puwesto ng mga bisig Niya, haya't di n'yo ako halos maaninag sa posisyon dun, na tulad nun; ang ulo ko, pagkatapos 'yung mga paa ko sa ibaba sa may sahig, ulo na lang at mga paa, 'yun na lang ang natitira. Kita n'yo? At Siya—at nakatayo Siya na nakabukas ang mga bisig nang *paganito*. At ang mga kamay ko ay nakabukas nang *paganito*, nangangaral, sinasabi, “Sabihin mo sa bundok na ito.” At noong oras na 'yun, may nangyari. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] At kinunan nila Ito ng litrato nang paganoon. At hayun nga Ito, sa likod, de kolor na litrato. At isang malaki, tulad mismo ng pagkakaayos ng Diyos, na isang malaking basket ng mga liryo na nasa tabi't malapit.

¹⁶⁶ Siya ang Lila ng Libis. At saan ka makakakuha ng opyum? Mula sa mga liryo. Tama. Ano ang Opyum na mayroon ang Diyos? Kapayapaan. Pinapalimot mismo ng opyum ang lahat ng tungkol sa mga suliranin mo. Ang mga humihitit ng opyum, ganoon nila pinapatay ang kanilang sarili gamit ang opyum na 'yun. Mayroong Opyum ang Diyos. Amen. Pinapaghinawa Niya ang bawat sakit, pinagagaling ang lahat ng mga karamdaman, inaalis ang lahat ng mga pag-aalala. Hangga't humihinga tayo sa Kanyang Opyum, payapa tayo.

¹⁶⁷ At ang malaking basket ng mga liryo ay nakalagay mismo sa harap, kung saan ako nagsasalita, sa entablado.

¹⁶⁸ Tapos nanalangin ako para sa mga maysakit doon sa Tulsa, at lumakad lamang ako pababa at lumabas na. At pagkaraan ng mga sampung minuto. . .

¹⁶⁹ Ayaw ko lang banggitin ang pangalan nung ebanghelista. Pero may isang babae dun na may arthritis sa gulugod, na nagtrabaho para sa ebanghelistang ito, isa siyang estenograpo. At *paganito* siya magmakiniya, dahil di niya maigalaw 'yung mga braso't balikat niya. Nagmamakinilya siya nang *paganoon*. At itong—itong mahusay at kilalang ebanghelista roon sa Tulsa, kinuha niya ang babaing ito para magtrabaho, binigyan niya ng trabaho 'yung babae.

¹⁷⁰ At nagsimula siyang maglakad sa bulwagan. At 'yung mga braso niya'y bigla na lang niyang naigagalaw na, at nagsimula siyang magtatalon at magsisigaw, hanggang sa makuha niya ang pansin ng lahat ng naroon. At ang kalugud-lugod na babaing

'yun ay lumuhod, at itinaas niya ang mga kamay niya at ipinapalampak ang mga 'yun nang *paganoon*. [Ipinapalampak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] Ang kaluwalhatian ng Diyos, dahil pinalaya siya ng Diyos, ilang sandali lang pagkatapos ng panalangin.

171 At lumapit ako, para pakinggan at tingnan kung ano ang sinasabi niya. Sabi niya, “Naglalakad lang ako roon sa bulwagan.”

At sabi ko, “Buweno, salamat sa Diyos.”

172 At tumalikod ako, nagsimulang lumakad sa ibang direksyon. At narinig ko, doon sa ibaba, nakita ko ang lahat ng mga makasalanan na sama-samang tumatakbo, para tingnan kung ano ang nangyari. At heto ang isang lalaki na papalapit, si Kapatid na Gardner, ang mismong tao na nagbigay sa akin ng ternong ito.

173 Kilala ng marami sa inyo si Kapatid na Gardner. Si Kapatid na Gardner, na taga-Binghamton, New York, ang pinakamagaling na negosyante ng Oldsmobile nang huling tatlong taon, nakabenta siya ng mas maraming kotseng Oldsmobile kaysa kaninuman sa Estados Unidos. Lumilipad siya gamit ang isang pribadong eroplano. At mga higit isang taon na ang lumipas. . . Ang pangalan niya ay George Gardner. At siya. . .

174 Yung piloto niya, mag-isa noon, solong lumilipad noon, tapos bumagsak haya't, 'yung eroplano, tapos nangadurog ang mga tuhod niya, ang mga bukong-bukong niya. At ang mga binti niya't mga paa ay nanigas, at *paganito* siya lumakad, 'yung piloto niya.

175 At naroon siya noong nananalangin, at lumabas na siya noon ng bulwagan kung saan naroon ang piging. At ikinuha nila siya ng isang kuwarto sa malapit, din, para di siya mahirapan sa paglalakad nang pabalik-balik. At heto ang patotoo niya. Nagpunta raw siya sa kanyang kuwarto at naupo; hindi nga siya isang Cristiano. At sabi niya, “Sa kung anong dahilan, pinaniniwalaan ko 'yung maliit na kalbong lalaking 'yun na nangaral doon ngayong gabi.” At ang sabi'y unti-unti raw niyang napapansin na nagsimulang manginig ang mga daliri niya sa paa. At napalundag siya sa kanyang paa, na lubusang magaling na.

176 Nakatayo siya roon, na niluluwalhati ang Diyos, nakatayo, na itinataas ang mga binti niya nang taas-baba nang *paganoon*, at 'yung mga gilid ng kanyang mga paa't lahat na, ay sadyang nagpapatotoo sa ikaluluwalhati ng Diyos.

177 Isa pa, bago natin ipanalangin ang mga maysakit. Nakituloy ako noon kina Kapatid na Arganbright. At ang butihin kong kaibigan, si Leo at Gene, alam nila kung paano ang gagawin sa mga tawag sa telepono. Mag-riring ang telepono, at sasagutin

ni Kapatid na Arganbright. At, alam n'yo naman, hindi ka maaaring pumunta sa lahat ng dako. Pero, nagkataon, na ako ang nakasagot ng telepono.

¹⁷⁸ Naniniwala akong lahat ng bagay ay kumikilos sa paraang itinakda ng Diyos. Hindi ba't naniniwala kayo riyang? Naniniwala akong 'yun ang dahilan kung bakit narito ang dalaga. Naniniwala akong 'yun ang dahilan kung bakit narito kayong lahat. Naniniwala akong 'yun ang dahilan kaya ako narito, at pinagtagpo-tagpo tayo para sa kaluwalhatian ng Diyos, para sa kung anong kadahilanan. Bakit natin binabagtas ang nagyeyelong kalsada, para makapunta lang dito ngayong umaga?

¹⁷⁹ Mangyari nga na ako ang sumagot ng telepono, dahil wala sa silid si Kapatid na Arganbright. At sabi, "Gusto ko pong makausap si Kapatid na Branham."

Sabi ko, "Ako si Kapatid na Branham."

¹⁸⁰ Isa siyang lalaking Espanyol. Sabi niya, "Ginoo, alam kong hindi ito makatwiran, halos, para itanong ang tanong kong ito." Sabi niya, "Nakikinita ko kung gaanong humila ang mga tao, at kung ano pa. Pero," sabi, "Isa akong misyunero sa Mexico." At ang sabi, "Dito, nakatira ako sa La Crescenta. At nabalitaan ko lang, ilang oras ang nakalilipas, na narito ka raw sa lungsod." At ang sabi, "Dinala kong muli ang sanggol ko, para subukang dalhin ito sa iyo o kay Kapatid na Roberts, o ilan sa mga kapatid na nananalangin para sa mga maysakit." At sabi niya, "Dahil anak ko ito, ang pananampalataya ko, sa palagay ko, ay medyo mahina." Sabi niya, "Ang anak ko'y wala pang apat na buwang gulang at naghingalo na ito dahil sa kanser."

At may Isang nagsabi sa akin, "Puntahan mo ang sanggol na 'yun."

¹⁸¹ "Buweno," sabi ko, "ginoo, papupuntahin ko si Kapatid na Arganbright, at sabihin mo sa kanya kung nasaan ang sanggol, makikipagkita ako sa iyo." Kaya pinapunta niya. . . Pinapunta ko si Kapatid na Arganbright, at sinabi niya sa kanya.

¹⁸² Mangyari nga na sumakay na kami sa kotse at nagpunta na. At nakilala ko ang kanyang munting maybahay. At Mehikano siya, bagamat hindi siya mukhang ganoon. Puti ang balat niya, maputi, pero isa siyang Mehikano. Hayan nga, na ang mga Mehikano, madalas, ay mga olandes, dahil nagmula sila sa pagitan ng mga Espanyol at ng mga Indian. At ilan sa mga Indian na 'yun ay olandes mismo, simputi ng niyebe. At pagkatapos ang asawa niya ay mula Finland, talagang olandes, kagiliw-giliw na munting babae.

¹⁸³ At sumama ako sa kanya sa ospital, para makita ang kanyang sanggol. Pagpasok ko sa kuwarto, inilagay nila ito mismo sa tabi ng himpilan ng mga nars. Dahil, 'yung munting sanggol, mag-aapat na buwang gulang pa lang, at isinilang ito na

may malignant na mga tumor sa panga, na namamaga nang mga *ganoong* kaumbok mula sa mukha nito, parang *ganyan*, nakaumbok mismo nang paganoon. Haya't sinubukan ng mga doktor na operahan. At may naglalakiha't malalalim na mga peklat ang nasa palibot ng kanyang munting lalamunan, sa buong palibot. Hindi nun naibsan ang problema; umakyat lang 'yun sa kanyang dila. At nakalaylay ang munti niyang panga nang *paganoon*, at 'yung malalaki't malalalim na peklat. At 'yung maliit nitong dila...Maliit na bibig na di hihigit ang laki nang *paganoon*. At ang dila niya, siguro *ganoong* kalaki, ay namamaga, at nakaumbok nang mga *ganoong* kaumbok, at nangitim na. At pinutol nito ang paghinga mula sa mga butas ng ilong pababa, noong mamaga 'yun at nakaabot sa ngalangala. At hayan nga, putol ang kanyang paghinga, mula *rito*. Kinailangan nilang magbutas sa lalamunan nito. At may maliit na pansipol sa munting...parang isang maliit na bilog na lata sa lalamunan nito. At may mga tukod na ang mumunti niyang mga braso, nang *paganito*, para hindi nito maabot at mahila 'yung pansipol; na mabubulunan siya. At 'yung kanser, nasasala roon, at kinakailangang tumayo roon ng nars gamit ang isang bagay para tanggalin 'yung nasahod na kanser mula sa pansipol, o kung hindi'y mabubulunan siya na ikamamatay niya.

¹⁸⁴ At lumapit sa tabi ng higaan ang tatay, at ang sabi niya, "Ricky, munting anak ni tatay!" Sabi niya, "Dinala ni tatay si Kapatid na Branham para ipanalangin ka, Ricky."

¹⁸⁵ Noong sabihin niya, "Munting anak ni tatay," para bang nahugot sa akin ang hininga ko. Di ko maatim. Kinailangan kong humawak sa gilid nung higaan. "Munting anak ni tatay." At 'yung munting sanggol, bagamat bata pa siya, alam niya na ang tatay niya 'yun. At nagsimula siyang huminga na parang hinihinal nang paganoon, at 'yung maliliit niyang braso ay gumaganoon. At sinusubukan ng tatay na haplusin ang ulo ng munting bata. Isang kaawa-awang munting sanggol, na isinilang sa ganoong kalagayan. Hindi nga ako makapagsalita. Ako nga'y...Alam n'yo, 'yung bigat na bigat ka, na sadyang wala ka nang masabi.

¹⁸⁶ Tumingin ako sa ibaba, nakita ko 'yung mapapayat na kamay sa ilalim ng malalaking tukod na 'yun. [Nagmumuwestra si Kapatid na Branham ng pahingal na tunog—Pat.] At para bang humihinal siya. At sa isip-isip ko, "Hindi ba't kaawa-awa talaga!"

¹⁸⁷ At pagkatapos noong medyo nahihimasmasan na ako, sapat para makapag-isip ng gagawin, naisip ko, "Jesus, ibig Mo bang sabihin ay nalulugod Ka na nakikita ang ganyan? Hindi ako makapaniwala. Talagang hindi ko mapaniniwalaan na magtatamo Ka ng kaluwalhatian mula sa munting sanggol na nagdurusa nang kagaya n'yan. Sadyang hindi maaari. Kung ako nga, na isang makasalanan, ay nakakaramdam para sa sanggol

na 'yan, mas lalo Ka pa, na siyang pinagmumulan ng lahat ng awa? Ano pa kaya ang nararamdaman Mo?" At wala pa akong sinasabi noong mga sandaling 'yun.

¹⁸⁸ Sinusubukan ng tatay na makipaglaro sa kanya, para pakalmahin ito. At 'yung maliit nitong katawan na nakasuot ng maliit na lampin, mga halos. . . Yung patpating katawan, at lahat, na hindi lalampas sa *ganoong* kalaki. At ang ulo nito ang pinakamalaking bahagi, namamaga ang kanyang panga't malaki ang umbok. At may inilagay sila paikot ng ulo niya, para hindi bumuka ang maliit nitong ulo. Alam n'yo na, isang tela; 'yung mga panga niya ay namamaga nang napakalaki, nakausli nang *paganoon*, para hindi ito bumuka. At nakatayo 'yung nars doon.

¹⁸⁹ At tumingin ako sa munting bata, at sa isip-isip ko, "Panginoon, ano pong gagawin Mo kung Ikaw ang nakatayo rito?"

¹⁹⁰ Ngayon, alam kong nasa pulpito ako. At alam kong narito ang Diyos. Pero para bang may Isang nagsalita roon sa kaluluwa ko, at ang sabi, "Hinihintay Kong makita kung anong gagawin mo tungkol dito. Ibinigay Ko na ang Aking kapamahalaan sa Iglesia." Hayan nga na ipinanunumbalik dun, "Sabihin mo sa bundok na ito." "Ibinigay Ko na ang kapamahalaan Ko sa Iglesia, at hinihintay Kong makita kung ano ang gagawin ninyo."

¹⁹¹ Iniisip ko kung 'yun kaya ang saloobin Niya sa atin sa lahat ng oras, na naghihintay Siya na makita kung anong gagawin natin. Paano na ang mga palatandaan ng panahon na ipinapangaral natin? Anong gagawin Niya? Naghihintay Siya na makita kung anong gagawin natin.

¹⁹² Buweno, ipinatong ko ang munting kamay ng sanggol sa kamay ko, o sa mga daliri ko lang, nang *paganoon*. Napakaliit kasi nun. At ang sabi ko, "Panginoon, pakinggan Mo po ang panalangin ng Iyong lingkod. At sa pamamagitan ng pananampalataya, na naniniwala Akong Ikaw nga, inilalagay ko sa pagitan ng demonyong ito ng kanser at ng buhay ng sanggol, ang Dugo ni Jesus Cristo. Sa pagitan ng pumapatay at ng sanggol, ang Dugo, sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilalagay ko 'yun." At wala na akong masabi pang iba.

¹⁹³ Basta tumalikod lang ako't nagsimula nang maglakad papalabas. Sinundan ako ng tatay. Sabi niya, "Kapatid na Branham, inilagay sa puso ko ng Panginoon na bigyan kita ng munting ikapu."

¹⁹⁴ "Oh," sabi ko, "kapatid, huwag mong alalahanin 'yun. Hindi." Sabi ko, "Hindi ko kailangan ng salapi, kapatid."

¹⁹⁵ Sabi niya, "Pero nakapag-ipon ako ng munting ikapu." Oh, kaunting pera, nakalimutan ko lang nang eksakto, sa palagay ko parang nasa limampung dolyar. Sabi niya, "Inilagay ito ng Panginoon sa puso ko na ibigay ito sa iyo."

196 Sabi ko, “Sasabihin ko sa iyo kung ano. Tatanggapin ko ito, at pagkatapos ay ilagay mo at idagdag ito kay munting Ricky doon, sa kanyang—sa kanyang bayarin sa ospital. Dahil, isa kang mangangaral. Alam ko kung ano, kung gaanong kahalaga ang pera. At ikaw, na isang misyunero, at alam ko na kailangan mismo ng pera dun. At may pamilya ka, at lahat nitong bayarin sa doktor. Idagdag mo ito sa bayarin ni munting Ricky.”

197 Sabi niya, “Ayaw kong gawin ’yun, Kapatid na Branham. Hindi ito pambayad sa mga doktor. Pambayad ito sa mga ministro.”

198 At sabi ko, “Oo, pero ibinabalik ko ito sa iyo.” At tinanggihan ko ’yun.

199 At umuwi na ako, at sa loob lang ng ilang oras, umayos ang mga panga na ’yun, at bumalik ang dila sa normal nitong kalagayan. Pinagaling ng Diyos ang munting bata. Inaalis na nila ’yung pansipol noong umagang umalis ako, mula sa lalamunan niya.

200 Nabulabog nito ang buong Kanlurang Baybayin. Ipinadala ng isang kilalang doktor ang kanyang anak, kasama ang kanyang apo. At hinarangan nila ang daan, doon, nang apatnapu o limampung milya, sa Pasadena, at hinarangan ang daan na daraanan ko, para ipanalangin ang sanggol na ’yun na napasma ang utak. Tinurukan nila ito ng penicillin, at nagdulot ’yun ng kanser dahil sa mga epekto ng pagtuturok ng penicillin sa balakang nito. At sigurado akong pinagaling ito ng Panginoon.

201 Bago lamang umalis sa bahay, nag-ring ang telepono, tuluy-tuloy ang ring. Si Kapatid na Arganbright, narinig ko siya na nakikipagdiskusyon sa isang tao, sabi, “Hindi, hindi ko ’yun magagawa.”

202 Habang pasakay ako noon sa kotse, may parating na isang—isang munting station wagon. Sino pa kundi ang munti kong kapatid na Mehikano at ang kanyang maybahay! Kapwa sila umiiyak at nagpupuri sa Diyos. Sabi, “Kapatid na Branham, dinala ko ang mga ikapung ito sa iyo.”

203 “Oh,” sabi ko, “kapatid, hindi ko matatanggap ’yan.” Sabi ko, “Sadyang di ko matatanggap.”

Sabi niya, “Pero dinala ko ang mga ito sa iyo.”

Sabi, sabi ko, “Sinabi ko na sa’yo na ilagay mo na lang ’yan sa bayarin ni Ricky.”

204 Sabi niya, “Kaninang umaga, noong nagpunta ako para ibigay sa doktor ang mga ikapung ito, para sa bayarin ni Ricky, ang sabi ng doktor, ‘Wala kang utang sa akin.’ Sabi niya, ‘Wala naman kasi akong anumang ginawa para dun.’ Sabi niya, ‘Isa ’yung malaking kababalaghan.’ Sabi niya, ‘Ako . . . Wala kang utang sa akin maski isang sentimo.’” Kaya ang sabi niya, “Kunin

mo na ito, Kapatid na Branham. Sinabi ng Panginoon sa akin na dapat tanggapin mo ito.”

²⁰⁵ Sa isip-isip ko, “Oh, hindi ko magagawa.” Sabi ko, “Panginoon, pakiramdam ko hindi ko dapat ito tanggapin.”

²⁰⁶ Pagkatapos may dumating sa diwa ko. Nakatayo noon si Jesus isang araw, minamasdan ang mayayaman na inaabuloy ang kanilang napakaraming salapi. Oh, sagana sila, kaya malaki ang kanilang naibibigay. Tapos dumaan ang isang munting balo na may tatlong sentimo, at 'yun na lang ang mayroon siya. Yun lang ang ikabubuhay na mayroon siya, at inihulog niya 'yun. Ngayon ano kaya ang gagawin natin kung tayo 'yun? “Oh, kapatid na babae, huwag mong gawin 'yan. Huh-uh. Alam mo, di namin kailangan 'yan. Huwag mo nang ihulog 'yan. Yan na lang kasi ang ikabubuhay mo.” Pero hinayaan lamang siya ni Jesus na ituloy at gawin ito, dahil, “Mas mapalad ang nagbibigay kaysa tumatangap.”

²⁰⁷ Kinuha ko ang munting ikapu. Hindi ko nga alam kung anong gagawin dun. Ilalagay ko marahil 'yun sa kung saan, sa isang gawain para sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa isang lugar sa pinakamainam na magagawa ko.

²⁰⁸ Ano ito? Ito ang Kaluwalhatian ng Diyos. Ito ang Kapangyarihan ng Diyos. Lumulukob na ang mga anino; nagpapakita na si Cristo, kaya lumilitaw ang mga tanda't mga kababalaghan. Ang dakilang Liwanag ito ng Anak na napapaaninag sa mga tala sa umaga, na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak. At kung nakakapagdala Siya ng kagalingan mula sa aninag ng Kanyang Presensya, ano pa kaya ang gagawin Niya kapag dumating na Siya nang Personal? Itong mga nasisirang katawan natin ay babaguhin at gagawing katulad ng Kanyang Sariling maluwalhating Katawan. Ano kaya ang mangyayari pagdating Niya? Hanggang sa dumating Siya, nagpapasalamat tayo para sa Liwanag ng Anak ng Kanyang Presensya, habang ang mga tala sa umaga ay umaakyat sa mga moog ng Kaluwalhatian, at naroon para ipagsigawan ang Kanyang Pagdating sa madilim na oras na ito.


Manalangin tayo.

²⁰⁹ Oh Panginoon, mahal na mahal Ka namin hanggang sa, Panginoon, walang makapagsasabi kung gaano pa katagal. . . Hindi kami nagsasawa na magpatotoo ukol sa mga kapurihan Mo. Pero dumating na ang oras ngayon, may mga taong maysakit na naghihintay. Batid Mo ang mga patotoong ito. Ang mga ito, sa abot ng nalalaman ko, Panginoon, ang eksaktong katotohanan. Tungkol sa piloto na nakatayo roon, na ipinapakita kung papaanong kaya na niyang tumayo sa kanyang mga paa, at sa kabila ng lahat ng kalagayan ng kanyang katawan; at inililis niya ang kanyang pantalon at ipinakita ang kanyang mga tuhod at binti na nangadurog at may peklat, 'yung mga bahagi kung

saan sinikap ng mga doktor na mapagdugtong-dugtong muli ang mga buto. Nakita Mo ang babaing nakatayo roon na may kolorete sa kanyang mukha, at nahugasan ito ng mga luha ng kagalakan, habang ikinukwento niya ang tungkol sa kanyang sakit na arthritis na pinagaling ng Iyong Kapangyarihan. At ang tungkol doon sa kalugud-lugod na munting sanggol, at ang patotoo ng tatay at nila na mga naroon.

²¹⁰ Ngayon po, Panginoon, Ikaw ay kasing dakila rito ngayong umaga, dito sa tabernakulo, kung papaanong Ikaw ay dakila saanmang panig sa mundo. At nangako Ka na kung saan kami magkakatipun-tipon, na Ikaw ay dadako sa aming kalagitnaan. Ngayon ay magtatawag na kami ng mga maysakit na ipinadala Mo sa amin ngayong umaga. At ipapanalangin namin sila, at mananalangin nang buong puso namin, ng panalangin na may pananampalataya. At iligtas Mo nawa ang mga maysakit at ibangon sila. At kung nakagawa sila ng mga pagkakasala, Iyong pong patawarin sila, Ama, habang aming ipinapahayag ang aming mga kasalanan sa isa't isa, at ipinapanalangin ang isa't isa. At Iyong sinabi, "Ang mabisa, at maningas na panalangin ng isang taong matuwid ay malaki ang nagagawa."

²¹¹ May alam kaming isa na nakaratay rito kasama namin ngayong umaga, isang batang-bata pa na nanay na kasama ang maliliit na batang ito. Panginoon, ayon sa mga doktor, malapit na siya sa katapusan ng kanyang lakbayin. Subalit dalangin namin, Diyos, na tatayo Ka sa pagitan niya at ng kaaway na 'yun. At kapag pinahiran namin siya ng langis at ipinapanalangin siya, hipuin nawa ng Iyong Kapangyarihan ang kanyang kaluluwa. Na magdadala ng pananampalataya at pagpapalaya. At umuwi nawa siya at maging magaling na, at ibigay ang papuri, at maging isang—isang aninag ng Tala sa Umaga, sa ikaluluwalhati ng Diyos. Amen.

²¹² Kapatid na Mercier, ngayon, habang inaasikaso namin ang mga narito na nagpa-iskedyul, papalapitin na ang mga tao. Tatawagin lang namin ang numero. At ilalagay sila sa listahan ng mga ipapanalangin. 

58-1130 Bantay, Gaano Pa Katagal Ang Gabi?
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org